

# Ikalawang Bahagi

# Ang Diliman Gender Office sa Pagsusulong ng Hustisyang Pangkasarian at Makataong Karapatan: Panimulang Paglalagom ng 15 Taong Paglilingkod

*Nancy Kimuell-Gabriel, Ph.D.*
*Ma. Stephanie Joy A. Andaya*
*Kristel May Gomez-Magdaraog*
*Prescilla D. Tulipat*
UP Diliman

## ABSTRAK

*Mayamang bukal ang 15 taong karanasan ng Diliman Gender Office (DGO) sa praktika ng pagtataguyod ng karapatang pangkasarian. Mula sa katayuan nito bilang komite hanggang sa nagsasariling opisina, itinuturing na aral ang mga karanasan at sinisikap na harapin ang mga hamon sa iba't ibang serbisyong handog ng opisina. Itinataguyod ang DGO bilang sentrong tagapagpadaloy ng usaping kasarian sa gawaing pagtuturo, pananaliksik, administrasyon, at serbisyong pampubliko sa UP Diliman. Itinalaga itong tagapagpatupad ng bisyon ng Unibersidad para sa isang kampus na yumayakap sa pagkakapantay-pantay at hustisya, malaya sa diskriminasyon, at ligtas sa lahat ng anyo ng pang-aabuso at karahasan. Ang papel na ito'y panimulang pagtatangkang lagumin ang 15 taong pagsasagawa ng mga tungkulin nito at paglalatag ng mga aral at bagong hamong hinaharap ng DGO ngayong 2018. Sa pamamagitan ng pagbabalik-tanaw sa mga accomplishment report at pakikipanayam sa mga dating tagapamuno ng DGO, inilalatag ng papel na ito ang simulain, mga naisagawa, at naging pag-unlad ng opisina tungo sa kasalukuyan nitong pagganap ng kanyang mga tungkulin.*

*The UP DGO has a rich history of advancing gender rights. The experiences it went through from the time of its establishment as a committee of the UCWS up to the time it was made an independent office serve as lessons in facing the challenges that accompany the services it offers. The DGO is tasked as the primary implementor of gender mainstreaming in the fields of research, teaching, administration, and public service in the University. It was designated as the office in charge of realizing UP Diliman's vision of a campus that embraces equality and justice, and is free from discrimination, violence and abuse. This paper is a preliminary attempt at summing up the fifteen years of DGO vis-a-vis its roles and functions while narrating the lessons learned as well as the challenges it will face in the coming years. Through past accomplishment reports and interviews with previous coordinators, this paper recounts the office's faithful performance of its beginning up to the present.*

**Mga susing salita:** Diliman Gender Office, DGO Report, *gender and development, gender mainstreaming,* gawaing pangkasarian, ulat-pagtatasa ng DGO

## MAIKLING KASAYSAYAN

Nagsimula ang UP DGO taong 1999 bilang komite na binuo ng University Center for Women’s and Gender Studies (UCWGS; dating University Center for Women’s Studies o UCWS) sa layuning magkaroon ng mangangasiwa sa mga usaping pangkasarian partikular sa UP Diliman (De Santos-Del Rosario 2016). Ang UCWGS ay isang opisina ng UP System at tumutugon sa pangangasiwa sa lahat ng UP *units* sa usaping kababaihan (noon) at pangkasarian (ngayon). Naging permanenteng programa ng UCWS ang Diliman Gender Center noong 2000 sa ilalim ng Training and Outreach Office nito. Makalipas ang isang taon, pormal itong pinangalanang Diliman Gender Office (DGO) na gumagampan ng tungkulin sa edukasyon at adbokasiya (Ealdama 2018). Inihiwalay ang DGO noong 2003 mula sa UCWS at ipinailalim sa Opisina ng Tsanselor ng UP Diliman (DGO History 2006; De Santos-Del Rosario 2016). Sa taong ito, nagdagdag ang opisina ng serbisyong peministang pagsangguni (*feminist counseling*) sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga *counseling consultant, legal consultant* at *crisis counselor.* Nadagdagan din ang opisina ng apat na kontraktwal na kawani sa taong ito.

**Talahanayan 1: Mga Tagapamuno ng DGO**

| Taon | Tagapamuno | Kolehiyo |
|---|---|---|
| 1999-2008 | Rosario Bona De Santos-Del Rosario, Ph.D. | College of Social Work and Community Development |
| 2009-2011 | Marion Jimenez-Tan, M.A. | College of Social Work and Community Development |
| 2011-2013 | Yolanda G. Ealdama, M.A. | College of Social Work and Community Development |
| 2013-2015 | Bernadette V. Neri, M.A. | College of Arts and Letters |
| 2015-Kasalukuyan | Nancy Kimuell-Gabriel, Ph.D. | College of Arts and Letters |

Sa loob ng 15 taon, limang tagapamuno o *coordinator* na ang dumaan sa opisina.

Taong 2017, napagtagumpayan ng DGO na makakuha ng *plantilla items* para sa apat na kawani na gumagampan bilang Training and Advocacy Officer; Research and Publication Officer; Administrative Assistant; at Administrative Aide. Mayroon din itong kontraktwal na GAD Officer, *legal consultant*, babae at lalaking *counselor* na umaagapay sa karagdagang pangangailangan sa serbisyo.

Sa kasalukuyan, mayroong anim na programa ang UP DGO:

1. *Peministang Pagsangguni*

   Nagpapayo, nagpapabatid ng mga impormasyon, nagpapakita ng iba't ibang opsyon, nagpapaubaya ng kagyat na ginhawa at tulong sa mga biktimang nasa krisis sanhi ng sekswal na panggigipit, reyp, at karahasan laban sa kababaihan at kabataan.

2. *Pagsasagawa ng mga seminar at pagsasanay*

   Nagbibigay ng mga pag-aaral at pagsasanay tungkol sa mga usapin at gawaing pangkasarian sa iba't ibang mga kolehiyo at yunit ayon sa kani-kanilang

mga pangangailangan at kalikasan ng gawain. Ilang halimbawa nito ang *GST, Paralegal Training*, *Gender Sensitive Interviewing, seminar* tungkol sa *Violence Against Women and their Children* (*VAWC*), *gender-based violence* (*GBV*), at *Sexual Orientation, Gender Identity and Expression* (*SOGIE*).

3. *Pananaliksik at Publikasyon*

   Nagsasagawa ng pananaliksik at lumilikha ng mga babasahin at kagamitang materyal para pasiglahin ang pagpapalaganap ng mga impormasyon at kaalamang may kaugnayan sa mga usaping pangkasarian.

4. *Pagpapalakas ng Gender and Development Committee (GADC sa bawat kolehiyo/ yunit)*

   Nagtatayo ng Gender and Development Committee sa bawat kolehiyo/ yunit na siyang nagsasagawa ng *gender mainstreaming* o nagpapadaloy ng mga gawain at usaping pangkasarian sa mga kolehiyo at opisina sa pamamagitan ng regular na paglulunsad ng mga proyektong pang-Gender and Development (GAD) tulad ng pananaliksik, pagrerebyu ng mga kurikulum, at pagsasagawa ng mga porum, pagtatayo ng mga *child-minding center* at *gender-neutral comfort room (CR)*.

5. *Gawaing Adbokasiya*

   Bumubuo ng mga programa para sa mga kampanyang nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay at hustisyang pangkasarian. Ilan sa mga nilalahukang kampanya ng DGO ay ang One Billion Rising (OBR), Pandaigdigang Araw at Buwan ng Kababaihan (*International Women's Day and Women's Month*), *Pride Month, International Day for the Elimination of VAW, 18-Day Campaign Against GBV,* at *International Day Against Homophobia and Transphobia*.

6. *Gawaing Ekstensyon at Pakikipag-ugnayan*

   Pagbabahagi ng mga kaalaman at kamulatan sa mga komunidad tungkol sa iba't ibang isyung pangkasarian katuwang ang iba't ibang mga kolehiyo, unibersidad, opisina, organisasyon sa loob at labas ng Kampus, pati na rin sa mga opisina ng lokal na pamahalaan.

## I. Peministang Pagsangguni

Mula 1999 hanggang 2017, gumampan bilang mga tagapagsangguni o *crisis counselors* sa iba't ibang panahon sina Dr. Leticia Peñano-Ho (1999-2000 at 2003), Dr. Remedios P. Mondiguing (1999, 2001-2003), Cynthia Betandres-Prats (1999, 2001-2005), Dr. Sylvia Estrada Claudio (2002 at 2005), Dr. Mira Alexis Ofreneo (2004-2005), Betty Peña (2004-2005), Dr. Rosario Bona De Santos-Del Rosario (1999-2008), Atty. Leavides Domingo-Cabbarubias (2011-2013) Prescilla D. Tulipat (2007-2017), Donn E. Gaba (2016-kasalukuyan) at Atty. Alnie G. Foja (2013-kasalukuyan) para sa *legal counseling*. Nakipag-ugnayan naman ang Opisina sa organisasyong WomenLEAD noong 2002 para makatuwang sa mga gawaing pagsangguni o interbensyon sa panahon ng krisis (*crisis counseling)*, pagtangan ng mga kasong ligal (*handling of legal cases*), pagsusulat ng mga *affidavit*, pati na rin sa pagsasagawa ng mga gawaing adbokasiya (DGO Training and Outreach Report 2002).

Layunin ng serbisyong pagsangguni ang magbigay ng agarang ginhawa at pagpapalakas. Mula rito, gabay ng opisina sa makababae at sensitibong pagsangguni ang mga sumusunod:

1. pag-unawa sa panlipunang konteksto ng babae o sinumang sumasangguni,

2. pagsusuri gamit ang pangkasariang pananaw,

3. pagsusuring may tuon sa kapangyarihan sa pagitan ng magkarelasyon at

4. pagsasakapangyarihan mula sarili tungo sa mas malawak na lipunang Pilipino.

Batay sa *counseling files* mula 1999 hanggang 2017, 762 ang mga kasong idinulog sa UP DGO. Mayorya ng mga dumulog sa serbisyong pagsangguni ng DGO ay mga kababaihan (89%) samantalang 7% ang kalalakihan at 3% ang *lesbians, gays, bisexuals and transgender* (LGBT).

Kasama ang datos sa taong 2000, 45% ng mga dumulog ang mula sa UP, samantalang 54% ang hindi taga-UP o non-UP.

**Talahanayan 2: Kasarian ng mga Sumangguni**

| | 1999 | 2000 | 2001 | 2002 | 2003 | 2004 | 2005 | 2006 | 2007 | 2008 | 2009 | 2012 | 2013 | 2014 | 2015 | 2016 | 2017 | Total | % |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Babae** | 45 | **Walang Datos** | 47 | 46 | 60 | 51 | 28 | 1 | 38 | 53 | 57 | 36 | 52 | 41 | 46 | 47 | 31 | 679 | 89% |
| **Lalaki** | 1 | | 4 | 3 | 4 | 7 | 0 | 0 | 5 | 2 | 4 | 4 | 4 | 1 | 4 | 6 | 4 | 53 | 7% |
| **LGBT** | 0 | | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 3 | 6 | 2 | 2 | 2 | 1 | 2 | 1 | 19 | 3% |
| **Walang datos** | -- | | -- | 2 | 9 | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | 11 | 1% |
| ***Total*** | **46** | | **51** | **51** | **73** | **58** | **28** | **1** | **43** | **58** | **67** | **42** | **58** | **44** | **51** | **55** | **36** | **762** | **100%** |

*Sanggunian: DGO Counseling files 1999-2006 at DGO Counseling Service Yearly Report 2007-2009, 2012-2017*

Sa mga taga-UP, binubuo ito ng mga estudyante, fakulti, kawani at UP *alumni*. Samantalang karamihan sa mga *non*-UP ay nakatira sa mga kalapit-barangay tulad ng Barangay UP Campus, Krus na Ligas, Pansol, mga *referral* ng miyembro ng komunidad ng UP Diliman, at iba pa.

**Talahanayan 3: Uri ng Kliyente**

| | 1999 | 2000 | 2001 | 2002 | 2003 | 2004 | 2005 | 2006 | 2007 | 2008 | 2009 | 2012 | 2013 | 2014 | 2015 | 2016 | 2017 | Total | % |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **UP** | 16 | 6 | 19 | 14 | 30 | 22 | 10 | 1 | 20 | 31 | 37 | 27 | 24 | 21 | 37 | 28 | 27 | 370 | 45% |
| **Non-UP** | 30 | 40 | 32 | 35 | 43 | 36 | 18 | 0 | 23 | 27 | 30 | 15 | 34 | 23 | 14 | 27 | 9 | 436 | 54% |
| **Walang datos** | -- | 6 | -- | 2 | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | 8 | 1% |
| ***Total*** | **46** | **52** | **51** | **51** | **73** | **58** | **28** | **1** | **43** | **58** | **67** | **42** | **58** | **44** | **51** | **55** | **36** | **814** | **100%** |

*Sanggunian: DGO Counseling files 1999-2006 at DGO Counseling Service Yearly Report 2007-2009, 2012-2017*

Mula 1999 hanggang 2017, ang naitalang limang pinakamalaking kaso na idinulog sa DGO ay ang (1) karahasan sa kababaihan at kanilang mga anak, (2) sekswal na panliligalig, (3) panggagahasa, (4) isyu sa usaping paggawa, at (5) karahasan sa tahanan.

**Mga Kasong Idinulog**

**Pananakit at pagpapabaya sa asawa at anak** ang pinakamalaking kaso na idinulog kung saan **310 kaso** ang naitala mula 1999-2017. Lumalabag ang mga kaso sa RA 9262 o Anti-Violence Against Women and their Children (Anti-VAWC) at malimit nangangailangan ng *protection order* ang mga kababaihang nagrereklamo at nakikipaglaban sila para magkaroon ng suportang pinansyal ang mga anak.

Pumapangalawa naman ang biktima ng **sekswal na panliligalig** o *sexual harassment* (SH) kung saan may naitalang **89 kaso**. Kalimitan sa mga naitalang kaso ay pang-aabuso ng mga propesor sa mga estudyante tulad ng panghihipo, bastos na pananalita at paghiling ng sekswal na pabor kapalit ng grado, *scholarship* o kaya'y promosyon sa trabaho.

Ikatlong pinakamataas na kaso ang **panggagahasa** (*adult rape, child rape* at *incest*). Mayroong **88 na kasong** naitala hinggil dito. Kadalasang *legal counseling* ang naibibigay na tugon ng Opisina sa mga nabanggit.

Ang ikaapat na pinakamataas na kaso ay ang tungkol sa usapin ng **kabuhayan**. **Apatnapu't anim (46) ang kasong** naitala ng opisina. Isang halimbawa ang kaso ng mga babaeng *security guard* na nakaranas ng diskriminasyon sa trabaho dahil alinsunod sa patakaran ng UP, kailangang umabot sa 5'2" ft. ang lahat ng mga *security guard*. Apela ng mga babaeng *security guard*, ibaba sa 5'0" ft. ang *minimum height* sapagkat sa kalalakihang *security guard*, mula 5'4" ft., ay ibinaba ng 5'2" ft. ang *minimum height*. Nagkaroon ng mga dayalogo, pag-uusap, palitan ng sulat, at pakikipag-ugnayan ang DGO hinggil sa apela ng kababaihang *security guard* at ng Opisina ng Chief Security Officer (CSO) ng Kampus. Sa huli, pinabalik ang mga babaeng *security guard* bilang regular na *reliever*.

Sa mga naitalang kaso, marami rin ang may **kaugnayan sa relasyon, pakikipaghiwalay, pag-aaral, at isyu hinggil sa sarili, mga krimen**, at iba pa (126).

**Talahanayan 4: Idinulog na mga Suliranin at Usapin**

| Mga Suliranin at Usapin | 1999 | 2000 | 2001 | 2002 | 2003 | 2004 | 2005 | 2006 | 2007 | 2008 | 2009 | 2012 | 2013 | 2014 | 2015 | 2016 | 2017 | Total | % |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Karahasan sa kababaihan at kanilang mga anak[1] | 16 | 8 | 22 | 16 | 28 | 19 | 18 | 1 | 19 | 24 | 38 | 24 | 16 | 23 | 13 | 17 | 8 | 310 | 38.0% |
| Sekswal na panliligalig[2] | -- | -- | 7 | 5 | 3 | 2 | 2 | -- | 3 | 10 | 5 | 4 | 4 | 3 | 12 | 16 | 13 | 89 | 11.0% |
| Rape, Sekswal na abuso sa kabataan[3] | 11 | 2 | 5 | 10 | 5 | 9 | 2 | -- | 7 | 5 | 1 | 3 | 5 | 2 | 10 | 3 | 8 | 88 | 10.9% |
| Propesyon[4] | -- | -- | -- | 1 | 20 | 1 | -- | -- | 1 | 1 | 10 | 1 | 4 | 1 | -- | 6 | -- | 46 | 5.7% |
| Karahasan sa loob ng tahanan[5] | -- | -- | -- | 2 | 1 | -- | 1 | -- | 6 | 4 | 3 | 5 | 11 | 1 | 2 | 5 | -- | 41 | 5.1% |
| Pangkabuhayan[6] | -- | 1 | -- | -- | 2 | -- | 2 | -- | 1 | 2 | 5 | 1 | 9 | 4 | 7 | -- | -- | 34 | 4.2% |

[1] *Violence Against Women and Children (VAWC)*
[2] *Sexual Harassment (SH)*
[3] *Child Sexual Abuse (CSA)*
[4] *career*
[5] *Family violence*
[6] *Labor-related*

**Pagpapatuloy ng Talahanayan 4: Idinulog na mga Suliranin at Usapin**

| Mga Suliranin at Usapin | | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Kalusugang pang-kaisipan [7]** | 2 | 6 | 3 | 2 | 2 | 5 | -- | -- | 4 | 5 | 2 | -- | -- | 2 | -- | -- | -- | 33 | 4.1% |
| **Kalusugan sa reproduksyon[8]** | -- | 2 | 1 | 1 | 5 | -- | -- | -- | 2 | 3 | 2 | 2 | -- | 3 | -- | 1 | -- | 22 | 2.7% |
| **Kasarian, LGBT** | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | 3 | -- | 1 | 2 | 4 | 1 | -- | 1 | 12 | 1.5% |
| **electronic VAW (eVAW)[9]** | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | 1 | 1 | -- | -- | 1 | -- | -- | 4 | 7 | 0.9% |
| **Hindi binanggit** | -- | -- | -- | -- | -- | 3 | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | -- | 3 | 0.4% |
| **Iba pa[10]** | 17 | 33 | 13 | 14 | 7 | 19 | 3 | -- | -- | -- | -- | 1 | 7 | -- | 6 | 5 | 1 | 126 | 15.5% |
| **Total** | **46** | **52** | **51** | **51** | **73** | **58** | **28** | **1** | **43** | **58** | **67** | **42** | **58** | **44** | **51** | **53** | **35** | **811** | **100%** |

*Sanggunian: DGO Counseling files 1999-2006 at DGO Counseling Service Yearly Report 1999-2009, 2012-2017*

*[7]Mental health*
*[8]Reproductive Health (RH)*
*[9]cyber-pornography, cyber-SH, cyberbullying, atbp.*
*[10]Usapin sa relasyon, inquiry at hiling sa legal assistance, usaping akademiko, krisis sa identidad, krimen, atbp.*

## Mga Serbisyo

Upang ibayong matugunan ang mga isyung kinakaharap, nagpapaubaya ang DGO ng mga angkop na pamamaraan ng pagtulong tulad ng *Alternative Dispute Resolution (ADR), referral system*, at mga programang nakatuon sa mga ispesipikong isyu.

1. ***Psycho-social Counseling***
   May tatlong klaseng *counseling* na ibinibigay ang DGO. Ito ang *face-to-face counseling*, pagsangguni sa telepono, at *legal counseling*. Pinakamadalas ang ***face-to-face counseling*** kung saan mula 2007-2017, 55.7% ang bumubuo nito. Isang positibong karanasan ang nabuong lakas ng loob ng isang homosekswal na kliyente para makapagbukas ng kaniyang kasarian sa pamilya sa kabila ng dinaanang pang-aabuso mula sa kaniyang ama dahil sa kaniyang kasarian.

   Bukas din ang serbisyong **pagsangguni sa telepono** (8.8%). Kalimitang kliyente dito ang mga indibidwal na hindi kayang pumunta sa tanggapan ng DGO o kaya'y wala pang kakayahang ilahad nang harapan ang kanilang mga suliranin sa buhay. Isa pang paraan ay ang **pagbisita ng tagasangguni sa tahanan ng mga kliyente o *home visit*** (1.7%) sa layuning makita at higit na maunawaan ang kalagayan ng babae at pamilyang tinutulungan.

2. ***Ligal na pagsangguni o legal counseling***
   Mayroong mga kumunsulta tungkol sa usaping legal (5.8%) tulad ng mga kaso hinggil sa panggagahasa, pambubugbog, usapin ng *custody* ng bata, ari-arian, atbp. Kung kailangan ng representasyon sa korte, sila ay inirerekomenda sa Public Attorneys' Office (PAO).

3. ***Alternative Dispute Resolution (ADR)***
   Isa sa mga tampok na serbisyo sa pagsangguni ng DGO ang ***Alternative Dispute Resolution*** (11%). Sa ADR, pinaghaharap ang magkabilang panig para pag-usapan ang hinaing at kahilingan ng kadalasan, asawang babae, hanggang makarating sa tiyak na kasunduan. Ito ay isa sa mga opsyon para sa magkabilang panig upang mabigyan ng kagyat na resolusyon ang isyung kinakaharap. Kadalasang pakikipag-usap sa asawang lalaki ang isinasagawa, ayon na rin sa kahilingan ng asawang babae. May mga pagkakataon

na dito nabubuo ang kasunduan lalo na kung tungkol sa suporta ng lalaki sa kanilang mga batang anak. Sa pagkakataong hindi magkasundo ang dalawang panig o gustong ipagpatuloy ng indibidwal ang ibang pamamaraan ng pagkamit ng hustisya, umaagapay ang Opisina sa paghahain ng kasong administratibo o pagsampa ng kaso sa korte.

4. ***Referral System***

Mayroong matibay na *referral system* ang Opisina. Noong Pebrero 2017, inilunsad ng DGO ang *UP Diliman VAW Protocol* na tumutugon sa mga pangangailangang medikal, sikolohikal, seguridad, at *network* ng *support group* na maaaring makatulong sa biktima. Bumuo ang DGO ng *referral network* sa loob ng UP Diliman bilang dagdag na suporta sa serbisyong pagsangguni. Ito ay binubuo ng Office of Legal Aid (OLA), University Health Service (UHS), Office of Counseling and Guidance (OCG), UP Diliman Police (UPDP), Brgy. UP Campus, at Department of Psychology ng College of Social Sciences and Philosophy (CSSP). Mahalaga ang tulong nila hindi lamang sa pagtugon sa naganap na karahasan kundi maging sa kampanya para itigil ang karahasan lalo na sa kababaihan.

Sa mga pagkakataong hindi kayang matugunan ng DGO ang pangangailangan ng biktima, kaagad silang inirerekomenda sa ibang ahensya.

5. ***Mga kaugnay na gawain***

Sa pamamagitan ng mga talakayan, pananaliksik, at pakikipag-ugnayan sa ibang opisina, higit na napapalawak ang kaalaman upang maiwasan ang mga kasong idinudulog sa DGO.

Nagsagawa ang DGO ng mga pagsasanay ukol sa usaping karahasan at pagsasangguni tulad ng ***"Batayang Pakikikinig"*** at ***"Mga Kasanayan sa Pagsasangguni"*** na dinaluhan ng mga kawaning direktang nakakaugnayan ng mga biktima—mga empleyado mula sa Special Services Brigade (SSB), UHS, UPDP, at pati na rin ang mga lider ng Brgy. UP Campus. Itinampok dito ang mga prinsipyo at teorya ng pagsasangguni at *peer-to-peer counseling* upang higit na mapatibay ang suporta mula mismo sa kanilang hanay.

Kasalukuyang inaayos ang VAW *database* na naglalaman ng mga datos na naitala ng opisina tungkol sa karahasan laban sa kababaihan. Layunin nito ang mabilis at sistematikong pagdodokumento ng mga kasong idinulog sa DGO para matukoy ang mga ispesipikong isyung kinakaharap sa loob ng takdang panahon. Pinananatili ng Opisina ang *confidentiality* ng mga kaso.

**Talahanayan 5: Mga Serbisyong Naibahagi[11]**

| Serbisyong naibahagi | 2007 | 2008 | 2009 | 2012 | 2013 | 2014 | 2015 | 2016 | 2017 | Total | % |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Harapang pangsangguni[12]** | 47 | -- | 169 | 65 | 40 | 58 | 51 | 39 | 29 | 498 | 55.7% |
| **ADR** | 1 | 2 | 10 | 25 | 12 | 29 | 6 | 8 | 5 | 98 | 11.0% |
| **Pagsagguni sa telepono[13]** | 1 | -- | 16 | 45 | 15 | -- | 1 | 1 | -- | 79 | 8.8% |
| **Pakikipag-ugnayan[14]** | 4 | 20 | -- | 21 | -- | 25 | -- | 1 | -- | 71 | 7.9% |
| **Ligal na pagsangguni[15]** | 12 | -- | 8 | 7 | -- | 11 | 6 | 4 | 4 | 52 | 5.8% |
| **Iba pa[16]** | -- | 10 | 3 | 4 | 2 | 6 | -- | 8 | 1 | 34 | 3.8% |
| **Pag-agapay sa pangangailangang medikal[17]** | 5 | 8 | 8 | -- | -- | 2 | 2 | -- | -- | 25 | 2.8% |
| **Pag-agapay sa pagsulat[18]** | -- | -- | 5 | -- | 7 | -- | -- | 8 | 2 | 22 | 2.5% |
| **Pagbisita sa tahanan[19]** | 1 | 2 | -- | 5 | 2 | 5 | -- | -- | -- | 15 | 1.7% |
| **Total** | **71** | **42** | **219** | **172** | **78** | **136** | **66** | **69** | **41** | **894** | **100%** |

*Sanggunian: DGO Counseling Service Yearly Report 2007-2009, 2012-2017*

[11] *multiple response*
[12] *face-to-face counseling*
[13] *phone counseling*
[14] *referral*
[15] *Legal counseling*
[16] *feminist groupwork, court witnessing*
[17] *medical accompaniment*
[18] *pagsulat ng complaint letter, atbp.*
[19] *home visit*

Mahigpit naman ang pakikipag-ugnayan ng DGO sa Office of Anti-Sexual Harassment (OASH). Ang OASH ang pangunahing opisina na tumutugon at nagpoproseso sa mga kaso ng SH sa loob ng Kampus. Bukod sa OASH, nakikipag-ugnayan din ang DGO sa Brgy. UP Campus, lalo na sa Family Community Healing Center (FCHC) na karaniwang nagpapadala sa Opisina ng mga kaso ng pambubugbog.

**Larawan 1: UP Diliman Gender-Based Violence Protocol**



## II. Edukasyon at Pagsasanay

Napagtagumpayan ng DGO ang regularisasyon ng mga *seminar* at pasasanay para sa pagpapataas ng kamalayang pangkasarian. Nagsasagawa ang Opisina ng mga pagsasanay at talakayan na iniaangkop sa pangangailangan ng iba't ibang sektor. Layunin nitong itaas ang antas ng kamulatan ng mga estudyante, fakulti; Research, Extension, Professional Services (REPS), kawani at administrador ng UP Diliman sa mga isyung pangkasarian.

### Batayang Edukasyong Pangkasarian

Ang Batayang Edukasyong Pangkasarian ang panimulang pagsasanay na tumatalakay sa mga batayang konseptong pangkasarian, kasaysayan, at mga batas na may kinalaman sa kasarian.

Sa paglipas ng panahon, nagkaroon ng iba't ibang katawagan sa mga pagsasanay na isinasagawa ng DGO: (1) *Gender Sensitivity Training* (GST), (2) *Gender Sensitivity Seminar* (3) *Gender Awareness Orientation*, (4) *Gender Awareness Seminar*, (5) *Human Rights, Gender, Gender Issues and Sexual Harassment Orientation*, (6) *Introduction to Gender and Gender Issues*, (7) *Gender Awareness, Adolescent Reproductive Health (RH) and Anti-Sexual Harassment Orientation*, (8) *Ang Usapin ng Adolescent's Sexuality, Reproductive Health at Rights,* (9) *Lesbian, Gay, Bisexual & Transgender: Basic Concepts & Issues*, (10) *Gender, Karapatang Pantao at Komunidad,* (11) *Lesbian, Gay, Bisexual & Transgender Counseling Issues*, (12) *Feminist Approaches in Counseling of Survivors of Gender Violence,* (13) *Importance of Gender* (14) *Gender Awareness, Gender Issues and Anti-Sexual Harassment Law,* (15) *Gender Sensitivity Orientation* (GSO), (16) *Gender Orientation,* at (17) *Basic Gender Orientation o Kasarian* 101. Naitala ang unang pagsasanay noong 2002 sa porma ng *Training of Trainers* (TOT) para sa mga estudyanteng nasa *field work* na nakatalaga sa UPDGO (DGO Training and Outreach Report 2002).

Makikita ang pag-unlad ng nilalaman ng pagsasanay mula 2003 hanggang sa kasalukuyan bilang tugon sa mga bagong batas, gaya ng pagkakapasa ng Magna Carta of Women noong 2009 at ang aprubadong rebisyon ng palisiya ng UP hinggil sa *sexual harassment,* o kilala bilang Anti-Sexual Harassment Code (ASH Code), at mga napapanahong isyu. Bilang dagdag sa mga

batayang konseptong pangkasarian, isinama noong 2003 ang *UP Implementing Rules and Regulations Against Sexual Harassment* (UP IRR–SH). Sa taong 2010 naman naidagdag ang Kasarian sa Kasaysayan at *Gender Diversity* (paksang nakatuon sa LGBT). Taong 2011 at 2013, isinama ang mga batas na nakatuon sa kababaihan at LGBT. At taong 2017, pinalitan ng bagong Anti-Sexual Harassment Code (2017) ang lumang UP IRR- SH (1995).

**Talahanayan 6: Ebolusyon ng Nilalaman ng Batayang Edukasyong Pangkasarian**

| Taon | Nilalaman ng modyul |
|---|---|
| **2003** | *Orientation Seminar*<br>*Understanding Gender*<br>*Gender Issues and the Law*<br>*Violence Against Women, Legal Implications*<br>*Counseling Victims*<br>*Sexual Harassment in UP* |
| **2006** | Batayang Konsepto ng Kasarian<br>Usaping *Gender* at Karapatang Pantao<br>Diskriminasyon at Karahasan Batay sa *Gender*<br>*Adolescent's Sexual and Reproductive Health & Rights*<br>*Introduction to Gender, Gender Issues, Gender & Reproductive Rights*<br>*Importance of Gender*<br>*Gender, Conventions, Laws & Policies*<br>*Gender*, Karapatang Pantao, at Komunidad<br>Usaping Lesbians, Gays, Bisexuals, at Transgenders<br>*Lesbian, Gay Bisexual, & Transgender Counseling Issues*<br>Mga Tugon sa mga Isyung Pangkasarian<br>*Feminist Approaches in Counseling Survivors of Gender Violence*<br>*Sexual Harassment: What is it and what are the cases in UP?*<br>*What We Need to Know About Gender Sensitive Crisis Counseling Intervention* |
| **2007** | *Gender, Gender Issues & Reproductive Rights*<br>*Gender Conventions, Laws & Policies*<br>*Sexual Harassment: What is it and what are the cases in UP?*<br>Issues of Lesbians, Gays, Bisexuals, and Transgenders (LGBT)<br>*What we need to know about Gender Sensitive Crisis Counseling Intervention* |
| **2010** | Batayang Konsepto ng Kasarian<br>Karapatang Pantao<br>Diskriminasyon, Karahasang Sekswal |

**Pagpapatuloy ng Talahanayan 6:**
**Ebolusyon ng Nilalaman ng Batayang Edukasyong Pangkasarian**

| Taon | |
|---|---|
| **2010** | Mga Tugon sa mga Isyung Pangkasarian<br>Kasaysayan<br>*Gender Diversity* |
| **2011** | Batayang Konsepto ng Kasarian<br>Karapatang Pantao<br>Diskriminasyon, Karahasang Sekswal<br>Mga Tugon sa mga Isyung Pangkasarian<br>Kasaysayan<br>*Gender Diversity*<br>Mga Batas na Nakatuon sa Kababaihan |
| **2014** | Apat na modyul na nakapaloob sa GSO:<br>a. Batayang Konseptong Pangkasarian<br>b. Kasaysayan at Kasarian<br>c. Batas at Kasarian<br>d. *UP Implementing Rules on the Anti-Sexual Harassment Act of 1995 (UP IRR 1995)* |
| **2017 - kasalukuyan** | Pinagpasyahan ang pinakamahalagang laman ng isang araw na GST. Ang apat na modyul ng GST:<br>a. Batayang Konseptong Pangkasarian<br>b. Kasarian sa Kasaysayan (hanggang kalagayan sa kasalukuyang panahon)<br>c. Mga Batas Pangkasarian<br>d. Bagong UP Anti-Sexual Harassment Code (BOR Approved 2017) |

Nagbago na rin ang nilalaman ng Batayang Konseptong Pangkasarian batay sa pagtatasang isinagawa sa TOT noong 2017. Ang nabanggit na TOT ay mekanismo ng pagpapayaman, pagpapalalim, at pagpapalawak ng maraming *facilitators* na may kapasidad na magbigay ng mga paksang nakapaloob sa GST. Nagkaroon na ng dalawang TOT noong 2017 sa layong ito.

Nabigyan naman ng oryentasyon sa Harmonized Gender and Development Guidelines (HGDG) ang GADC ng UP Diliman bilang pagpapaunlad sa pagbuo ng GAD Plan and Budget (GADPB) at GAD Accomplishment Report (GAD AR) ng bawat kolehiyo/ yunit.

Bukod sa Kasarian 101, nakapagbuo rin ng mga ispesipikong modyul sa mga isyung pangkasarian batay sa mga partikular na kahilingan. Tunghayan ang sumusunod na talahanayan.

**Talahanayan 7: Mga Kasalukuyang Modyul ng Seminar at Pagsasanay**

| Modyul | Nilalaman ng modyul | Kalahok | Tagal |
|---|---|---|---|
| **GST** | Ang modyul ay nahahati sa apat na sesyon at naglalaman ng:<br>(1) Batayang Konsepto at Isyung Pangkasarian<br>(2) Kasarian sa Kasaysayan at Kasalukuyang Kalagayan<br>(3) Mga Batas Pangkasarian<br>(4) Anti-Sexual Harassment Code 2017 | Estudyante<br>Kawani, REPS, fakulti<br>*security personnel* | 1 araw |
| **GSO** | (1) Batayang Konsepto at Isyung Pangkasarian,<br>(2) Kasarian sa Kasaysayan at Kasalukuyang Kalagayan<br>(3) Mga Batas Pangkasarian<br>(4) Anti-Sexual Harassment Code 2017 | | Kalahating araw; Pang-estudyante |
| **Mga Ispesyal na Kurso** | Mayroong anim na modyul na naglalaman ng mga partikular na paksa:<br>2.1 *Sexuality Orientation*<br>2.2 Kasaysayan at Kasarian<br>2.3 Batas at Kasarian<br>2.4 *GAD Planning and Budgetting*<br>2.5 Wika at Kasarian<br>2.6 Pagsasakapangyarihan ng Kasarian | Estudyante | Kalahati hanggang isang araw |
| **Gender Sensitivity in Teaching** | Batayang konseptong pangkasarian at paraan ng paglalangkap ng *gender sensitivity* sa pagtuturo. | Fakulti | Kalahating araw |
| **Paralegal Training** | Naglalaman ng introduksyon sa gawaing *paralegal*, batayang *criminal procedure*, dokumentasyon at paggawa ng sinumpaang salaysay (*affidavit*) | Para sa mga opisinang nagbibigay ng serbisyo sa kampus na may direktang kinalaman sa kampus na may direktang kinalaman sa paghawak ng mga kaso. Halimbawa: SSB, Office of Community Relations (OCR), OCG, at iba pa. | 2 araw |

**Pagpapatuloy ng Talahanayan 7:**
**Mga Kasalukuyang Modyul ng Seminar at Pagsasanay**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Gender-Sensitive Interviewing** | Pagpapaunlad ng mga kasanayan sa obserbasyon, pakikinig at wastong pakikipag-usap at pakikitungo sa mga biktima ng karahasang nakabatay sa kasarian. | Estudyante | 1 araw |
| **Gender and Development (GAD) Planning and Budgeting** | Pagsasanay sa usaping pangkasarian, pagbubuo ng GAD Committee at GAD Plan and Budget. | Lahat ng kolehiyo at yunit | 1 araw |
| **Maikling Oryentasyon sa HGDG** | Pagsasanay sa paggawa ng GAD *Accomplishment Report* na may kasamang atribusyon. Isa itong kasangkapan sa pag-uulat ng lahat ng proyektong nagkaroon ng *GAD component.* | Lahat ng kolehiyo at yunit | Kalahating araw o 1 araw |

## Tampok na Karanasan sa Pagsasanay

### A. Estudyante

Mula 2002 hanggang 2017 mayroong mahigit 6,534 na estudyanteng nabigyan ng GSO (Consolidated Training Report, 2002-2016). Ang GSO ay pahapyaw na diskusyon sa nilalaman ng GST. Kaiba sa GST, ang GSO ay nagaganap sa loob lamang ng kalahating araw, o mas maikli. Ito ay madalas na ibinibigay sa mga mag-aaral, ayon na rin sa kahilingan ng kanilang fakulti, maliban pa sa kahilingan ng NSTP at OSA para sa mga mag-aaral.

**Larawan 2: Pagsasanay sa Hanay ng mga Estudyante**


**NSTP CEngg, 2017**



**UP Pampanga, 2017**

Sumigla ang pagsasagawa ng GSO sa hanay ng mga estudyante nang maging rekisito ito sa akreditasyon ng mga organisasyong pang-estudyante. Mayroong sistematikong mekanismo ng rehistrasyon ang Office of Student Activities o OSA para sa mga organisasyon na sasailalim sa pagsasanay katulad ng GSO/GST (Office of Student Affairs w.t.). Naging isa naman sa mga *common module* ng National Service Training Program (NSTP) noong 2013 ang GSO, ayon sa *UP Diliman NSTP End-Term Report* (w.t.). May mga tumugon din sa hanay ng mga fakulti sa iba't ibang kolehiyo at ginawang bahagi ng kanilang silabus ang pagpapadalo ng kanilang mga klase sa GSO mula noong 2004 hanggang ngayong 2018. Sumabay din sa panawagan ang mga dormitoryo ng UP na nagpadalo ng kanilang mga *dormers*.

**Talahanayan 8: Pagsasanay sa Hanay ng mga Estudyante, 2002 – 2017**

| Taon | Buwan | Pagsasanay at Bilang ng sesyon | Kalahok |
|---|---|---|---|
| **2002** | **Enero** | *Training of Trainors* (Isang sesyon) | Estudyanteng naka-*fieldwork* |
| | **Hulyo** | GST (Isang sesyon) | Klase ni Dr. Ligaya de Guzman (Gradwado) |
| | **Hulyo** | GST (Isang sesyon) | University Student Council (USC) |
| | **Setyembre** | GST (Isang sesyon) | Narra House Council |
| **2003** | **Enero-Marso** | GST/SH *Orientation* (Isang sesyon) | Kalayaan at iba pang dormitoryo |
| | **Agosto-Setyembre** | *In-house* GST (Isang sesyon) | Estudyanteng naka-*fieldwork* sa ilalim ng Department of Women and Development Studies (DWDS), Theosophical Society |
| | **Agosto** | GST at Anti-SH; (Dalawang sesyon) | OLA *interns* at Estudyanteng naka-*field work* |
| | **Disyembre** | GST at Anti-SH (Dalawang sesyon) | Estudyanteng naka-*field work* |

**Pagpapatuloy ng Talahanayan 8:**
**Pagsasanay sa Hanay ng mga Estudyante, 2002 – 2017**

| Taon | | | |
|---|---|---|---|
| **2004** | **Marso** | GST<br>(Isang sesyon) | UPDGO *Volunteers Group* |
| | **Hulyo** | GST<br>(Isang sesyon) | Estudyanteng naka-*field work* |
| | **Hulyo** | GST<br>(Dalawang sesyon) | Klase ni Dr. Regulus Tantoco (CSSP) |
| | **Hulyo** | GST<br>(Dalawang sesyon) | OLA *interns* |
| **2005** | **Marso** | Gender Awareness Seminar | 5 Klase ni Dr. Regulus Tantoco (CSSP) |
| | **Abril** | GST | Klase ni Dr. Almond Pilar Aguila ng College of Mass Communication (CMC) |
| | **Hunyo** | *Orientation-Seminar on Gender and Gender Issues* | 179 lider-estudyante ng *Freshmen Orientation Program Committee (FPOC)* |
| | **Hulyo** | *Orientation on Gender Awareness, Adolescent RH and Anti-Sexual Harassment* | Kalayaan *Dormers* |
| | **Setyembre** | *Gender Awareness Orientation* | 100 estudyante ni Dr. Regulus Tantoco (CSSP) |
| **2007** | **--** | *Human Rights, Gender, Gender Issues and Sexual Harassment Awareness* | 20 USC *Gender Assembly Representatives* |
| | **--** | *Gender Awareness, Adolescent RH and Anti-Sexual Harassment Orientation* | 500 Kalayaan *Dormers* |
| | **--** | *Orientation-Seminar on Gender and Gender Issues* | FOPC *Committee Representatives* (179 lider-estudyante) |
| | **Marso at Setyembre** | GSO<br>(Dalawang sesyon) | 240 estudyante ni Dr. Regulus Tantoco (CSSP) |

**Pagpapatuloy ng Talahanayan 8:**
**Pagsasanay sa Hanay ng mga Estudyante, 2002 – 2017**

| Taon | | | |
|---|---|---|---|
| **2008** | **Hulyo** | GSO | 21 kinatawang estudyante mula sa iba't ibang organisasyong pang-estudyante |
| **2012** | **Marso** | GSO | *UP Student Organizations, Ipil, Sanggumay at Sampaguita Dormers* |
| | -- | GSO (Limang sesyon) | 200 estudyante |
| | -- | GSO (32 sesyon) | 770 estudyante mula sa iba't ibang organisasyong pang-estudyante |
| **2013** | -- | GSO (Pitong sesyon) | Mag-aaral sa unang taon mula sa iba't ibang dormitoryo (Ilang-Ilang, Sampaguita, Ipil, Kalayaan) |
| | -- | *Feminist Learning Session* (Dalawang sesyon) at *Paralegal Training* (Isang sesyon) | Kalayaan *Dormers* |
| | -- | 12 GST | Estudyante ng UP sa pamamagitan ng Student Organization Accreditation ng OVCSA |
| | -- | *Responsible Sexuality* (Anim na sesyon) | Estudyante ng UP |
| **2014** | -- | *Basic Gender Orientation* | 400 estudyante ng National Service Training Program (NSTP) |
| | -- | GSO (22 sesyon) | 650 estudyante sa pamamagitan ng Student Organization Accreditation ng Office of the Vice Chancellor for Student Affairs (OVCSA) |
| **2015** | **Agosto** | GST (Isang sesyon) | 5 Klase ni Dr. Regulus Tantoco (CSSP) |
| | -- | GSO (26 sesyon) | 1000 estudyante sa pamamagitan ng Student Organization Accreditation ng OVCSA |

**Pagpapatuloy ng Talahanayan 8:**
**Pagsasanay sa Hanay ng mga Estudyante,2002 – 2017**

| Taon | | | |
|---|---|---|---|
| **2015** | **--** | GSO-NSTP modyul (Pitong sesyon) | 400 estudyante ng iba't ibang klase ng NSTP |
| **2016** | **Enero** | Bahagi ng GSO (Isang sesyon) | Mahigit 20 estudyante ni Assoc. Prop. Marion Tan ng College of Social Work and Community Development (CSWCD) |
| | **Pebrero** | Bahagi ng GSO (Isang sesyon) | 53 Estudyante ni Dr. Nancy Kimuell-Gabriel ng College of Arts and Letters (CAL) |
| | **Pebrero** | GSO-NSTP modyul (Isang sesyon) | Klase ng NSTP ni Dr. Josephine Santos ng CMC |
| | **Abril** | Bahagi ng GSO (Isang sesyon) | 23 Estudyante ni Assoc. Prop. Marion Tan |
| | **Mayo** | GSO (Dalawang sesyon) | 114 estudyante ni Dr. Regulus Tantoco ng CSSP |
| | **Setyembre** | GSO (13 Sesyon) | 649 estudyante sa pamamagitan ng Student Organization Accreditation ng OVCSA |
| | **Oktubre** | GSO (5 sesyon) | 179 estudyante ng College of Engineering (CEngg) NSTP |
| | **Disyembre** | GSO | 40 estudyante ni Dr. Regulus Tantoco ng CSSP |
| **2017** | **Enero** | GSO (2 sesyon) | 47 estudyante ni Dr. Nancy Kimuell-Gabriel, CAL |
| | **Marso** | GSO | 20 estudyanteng miyembro ng *UP Men's Football Team* (sa ilalim ng Tagapayong Dr. Eloisa Hernandez, CAL) |
| | **Setyembre** | GSO (13 sesyon) | 730 estudyante sa pamamagitan ng Student Organization Accreditation ng OVCSA |
| | **Oktubre** | GSO (3 sesyon) | 43 estudyante ng College of Engineering NSTP |

**B. Upisyal/Administrador**

Dalawang beses pa lamang na nakapaglunsad ng pagsasanay ang UP DGO sa mga upisyal ng UP Diliman. Nagbigay ng GAD *briefing* sa anim na (6) na kasapi ng Executive Committee noong 2012 at Gender Orientation sa mga kasapi ng Office of the Chancellor Executive Staff (OCES) noong 2014 (DGO GAD 2014). Ilan sa mga nadiinan ng talakayan ay ang paglitaw na ngayon ng mga sari-saring kasarian, ang usapin ng mga *solo parents* at ang diskriminasyon sa hanay ng mga babaeng guwardiya.

Simula 2016 hanggang 2017, nakakuha ng GST ang mga kolehiyo at yunit sa pamamagitan ng ***whole-unit approach*** kung saan kasama ang mga administrador ng kanilang empleyado at *faculty* sa isinagawang GST para sa kani-kanilang mga kolehiyo o opisina. Ilang halimbawa dito ay si Vice Chancellor Fidel Nemenzo ng Office of the Vice Chancellor for Research and Development (OVCRD), Vice Chancellor Evangeline Amor ng Office of the Vice Chancellor for Academic Affairs (OVCAA), University Registrar Ma. Theresa Payongayong (OUR), dating Dekano Assoc. Prof. Mary Ann Espina ng College of Architecture (Archi), Dr. Sir Anril Tiatco, Direktor ng Diliman Information Office (DIO) at *Officer-in-Charge* ng Office for Initiatives in Culture and the Arts (OICA) at University Librarian Chito Angeles.

**Larawan 3: Pagsasanay sa Ilalim ng whole-unit approach**



**Diliman Information Office, 2017**




**Office of the University Registrar, 2017**

### K. Dekano, Fakulti, REPS, Administratibong Kawani at iba pa

Sa unang pagkakataon din, nailunsad ang Gender Sensitivity in Teaching sa College Assembly sa Kolehiyo ng Arkitektura noong Pebrero 1, 2016. Kasama dito si dating Dekano Assoc. Prof. Mary Ann Espina. Naging masigla ang talakayan, partikular sa pagtugon sa hamong gawing sensitibo at malay-sa-kasarian ang mga silabus, interaksyon sa loob ng silid-aralan, pamamaraan sa pagtuturo at kung paano tutugunan ang mga pangangailangan ng mga estudyanteng nakakaranas ng *sexual harassment*. Napag-usapan din dito halimbawa ang obserbasyon ng mga fakulti sa pananamit at ilang gawi ng mga estudyante at kung paano ito haharapin. Habang kinikilala ang karapatan ng estudyante sa *self-expression*, naimungkahi rin sa talakayan na paalalahanan din sila sa kaangkupan ng kasuotan sa bawat okasyon, at panghawakan din ng fakulti ang pamantayan at patakaran ng Unibersidad na nakasaad sa ASH Code.

Sa pakikipagtulungan naman sa Office for the Advancement of Teaching (OAT) na dating Office for the Direction of Instruction (ODI) mula 2011 hanggang sa kasalukuyan, kasama ang DGO sa mga ipinakikilala ng opisina sa oryentasyon-seminar ng mga bagong fakulti bilang panimulang paglalahad ng bisyon at misyon ng Unibersidad para sa pagkakapantay-pantay at hustisyang pangkasarian.

Sinisikap abutin ng GST ang lahat ng fakulti at kawani. Mula 2007 hanggang 2017, nabigyan ng GST ang mga sumusunod na kolehiyo/ yunit: mga opisina sa ilalim ng OVCSA, CMC, College of Home Economics (CHE), University Library (UL), National Institute of Physics (NIP), National Institute of Geological Sciences (NIGS), College of Science (CS), College of Law (CL), CEngg, Human

**Larawan 4: Pagsasanay sa Hanay ng Fakulti, REPS, Administratibong Kawani at iba pa**



**College of Archictecture, 2018**



**Security Personnel, 2017**

Resource and Development Office (HRDO), CAL, College of Education (CEduc), UHS, Campus Maintenance Office (CMO), OVCRD, UP Theatre, OICA, DIO, School of Labor and International Relations (SOLAIR), Archaeological Studies Program (ASP), Office of the University Registrar (OUR), Budget Office, Accounting Office, Supply, Property and Management Office (SPMO) at mga opisina sa ilalim ng OVCAA.

Kadalasang paksa ng talakayan ay ang sekswal na oryentasyon, identidad at pagpapahayag o SOGIE; mas malalim na diskusyon hinggil sa mga batas na nagbibigay proteksyon sa mga kababaihang kabataan at LGBT, mga uri ng SH at *protocol* batay sa ASH Code. Ilan sa mga naibahagi ng mga kalahok pagkatapos ng *seminar* ay ang (1) determinasyong maiwasan ang *green jokes*, (2) paggamit ng malay-sa-kasariang wika sa pakikipag-usap, (3) pagiging maingat sa pananalita hinggil sa mga bakla at tomboy.

Upang itaas din ang kamalayan at makapagbigay ng malay-sa-kasariang serbisyo ang mga UP Diliman *security personnel,* nagsagawa ng 15 *batch* ng GST na dinaluhan ng ***409 security guards***. Dalawang batch ng GST ang naisagawa din noong 2017 para sa **Special Services Brigade (SSB)** at **UP Diliman Police (UPDP)**.

**Talahanayan 9: Pagsasanay sa Hanay ng mga Fakulti, REPS at Kawani ng UP Diliman 2002-2017**

| Taon | Petsa | Pagsasanay | Kalahok |
|---|---|---|---|
| **2002** | **Enero** | GST (Isang sesyon) | UP Open University (UPOU) *fakulti* at kawani |
| | **Hunyo-Agosto** | *Gender Training for Trainors for men* | -- |
| **2006-2007** | **Disyembre 2006 hanggang Enero 2007** | GSO (12 sesyon) | 259 kawani ng OVCSA |
| | **Oktubre** | GSO | Fakulti at kawani ng Institute of Biology |
| | **Oktubre** | GSO | Fakulti at kawani ng CMC |
| | **Nobyembre** | GSO | Fakulti at kawani ng CHE |
| **2008** | **Mayo** | GSO | SSB |

**Pagpapatuloy ng Talahanayan 9:**
**Pagsasanay sa Hanay ng mga Fakulti, REPS at Kawani ng UP Diliman 2002-2017**

| Taon | | | |
|---|---|---|---|
| **2012** | **Marso** | *GAD Briefing* | University Executive Committee |
| **2013** | -- | GSO (2 sesyon) | 100 bagong fakulti at tagapag-ugnay ng NSTP |
| | -- | GST (2 sesyon) | UP *Lady Guards* |
| **2014** | **Nobyembre** | *Gender Orientation* | 6 kasapi ng Executive Committee ni Chancellor Michael L. Tan |
| | -- | GST (4 sesyon) | Kawani |
| | -- | *Gender-sensitive Pedagogy* | 50 fakulti na dumalo sa *Teaching Effectiveness Course* |
| | -- | GST (2 sesyon) | 50 SSB |
| | -- | GST (2 sesyon) | 40 fakulti at kawani |
| **2015** | -- | GST (2 sesyon) | 124 kawani ng UL |
| | **Hunyo** | GST | Fakulti at kawani ng CS |
| | -- | GSO (3 sesyon) | 60 kawani ng NIP, NIGS at CS |
| | -- | *Paralegal Training* | 40 kawani ng SSB, UPDP, Sentro ng Wikang Filipino (SWF), OCR, OASH, OCG |
| | -- | *Gender-sensitive Interviewing* | 30 kawani mula sa SSB, UPDP at GAD Committee |
| **2016** | **Pebrero** | *Gender Sensitivity in Teaching (revised module used in ODI)* | 20 fakulti ng Archi |
| | **Hunyo** | GST | 41 fakulti at kawani ng School of Economics (SE) |
| | **Agosto** | Pagsasanay para sa GST Instructors' Pool (TOT Batch 1) | 22 boluntaryong fakulti at kawani mula sa CAL, CSSP, CSWCD, Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas-CAL (DFPP-CAL), Department of Speech Communication and Theatre Arts (DSCTA-CAL), |

**Pagpapatuloy ng Talahanayan 9:**
**Pagsasanay sa Hanay ng mga Fakulti, REPS at Kawani ng UP Diliman 2002-2017**

| Taon | | | |
|---|---|---|---|
| **2016** | | | HRDO, OASH, OVCRD, Main Library, NCPAG, SLIS UPHS |
| | **Setyembre** | GST | 100 fakulti at kawani ng CL |
| | **Oktubre at Nobyembre** | GST (6 sesyon) | 24 kawani ng CEngg, 32 kawani ng CAL, at 18 kawani ng CEduc |
| | **Disyembre** | GST | 51 fakulti at kawani ng CMC |
| **2017** | **Enero** | GST (5 sesyon) | 118 kawani ng CMO at 29 fakulti at kawani ng OVCRD |
| | **Marso** | GST (2 sesyon) | 19 SSB |
| | **Mayo hanggang Agosto** | GST (15 sesyon) | 409 guwardiya |
| | **Hunyo** | GST | 9 fakulti at kawani ng ASP |
| | **Agosto** | GST (2 sesyon) | 18 kawani ng UP Theater Complex, SPMO, at 19 fakulti at kawani ng SOLAIR |
| | **Oktubre** | GST (5 sesyon) | 25 kawani ng OICA at DIO, 83 kawani ng OUR, at 59 kawani ng Budget Office, Accounting Office, Institute of Islamic Studies (IIS) |
| | **Nobyembre** | Pagsasanay para sa *GST Instructors' Pool* (TOT Batch 2) | 17 boluntaryong fakulti at kawani mula sa Accounting Office, CAL, CHE, CS Library, DFPP, CSSP, Department of Political Science-CSSP (DPS-CSSP), Department of Philosophy-CSSP (DP-CSSP), CSWCD, CSWCD-Research and Extension Development Office (CSWCD-REDO), CWGS, OASH, NSTP, SOLAIR |
| | **Nobyembre hanggang Disyembre** | GST (11 sesyon) | 158 kawani ng OVCAA, 34 kawani ng UP Press, Budget Office, Accounting Office, OVCRD, IIS, 35 kawani ng HRDO, 85 kawani ng UHS, at 55 kawani ng National Institute for Science and Mathematics Education Development (NISMED) |

Ilan sa mga isyung kanilang ibinahagi ay ang kakulangan ng CR para sa mga LGBT; gayundin kung paano haharapin at maayos na pangangasiwaan ang mga kaso ng mga estudyanteng nasa aktong sekswal sa mga publikong espasyo sa loob ng Kampus.

Pinagpapatuloy ang pagpapatalas at pagpapalawak ng kamalayang pangkasarian sa pamamagitan ng iba't ibang pagsasanay na angkop sa bawat sektor na nakakasalamuha ng DGO. Nadadagdagan ang mga karanasan sa pagsasanay sa pagbabago at pag-unlad ng mga modyul.

## III. Pananaliksik at Publikasyon


Layunin ng programang publikasyon at pananaliksik na mahikayat na magkaroon ng makabuluhang talastasan ang mga mag-aaral, kawani, fakulti at mga miyembro ng komunidad sa UP.


Ilan sa mga maagang inisyatiba ng programang ito ay ang pakikipag-ugnayan ng Opisina sa mga *fieldwork student* ng CSWCD para sa ikalawang semestre ng AY 2001-2002 at unang semestre ng AY 2002-2003 (DGO Report 2002). Nakatulong ang mga estudyante sa pagkalap ng mga datos hinggil sa paksang tumatalakay sa kababaihan, *sex disaggregated profile* ng kawani at mag-aaral, kaso ng Violence Against Women (VAW) sa UP Diliman, *violence-prone area* sa Kampus, pati na rin sa paglikha ng poster sa VAW. Sa parehas na taon hanggang 2003, nakipagtulungan ang Opisina sa CSSP para sa pagbuo at pagpipinal ng *gender syllabus* ng *Social Science 3: Exploring Gender and Sexuality* sa Revitalized General Education Program (RGEP) kung saan malaki ang naging papel ni Dr. Michael L. Tan ng Department of Anthropology at kasalukuyang Tsanselor ng UP Diliman (DGO Report 2003). Kaugnay nito, naging bahagi ang UP Diliman bilang *field* area ng pananaliksik hinggil sa *Sexuality Education in Tertiary and Secondary Schools in the Philippines: Assessment Studies* noong 2003 sa pangunguna nina Dr. Rosario Bona De Santos-Del Rosario, Dr. Eufracio Abaya at Dr. Remedios P. Mondiguing.


Taong 2007-2009 naman binuo ang Annual Research Agenda na naglalayong mabantayan ang *gender mainstreaming* sa UP Diliman sa larangan ng pagtuturo, pananaliksik, administrasyon, pagbuo ng patakaran at serbisyo. Kasama ring nilayon sa kaparehong panahon ang pagsusuri sa mga isyung pangkasarian sa UP Diliman partikular sa diskriminasyon at karahasan. Noong 2015, nakiisa naman ang DGO katuwang ang Center for Women's


and Gender Studies sa isinagawang *Gender Audit* ng lokal na pamahalaan ng Valenzuela (DGO GAD 2015). Nitong 2017, lumikha ang opisina ng bago at mas masaklaw na DGO Research Agenda na magpapatatag sa mga programang pananaliksik, publikasyon at ekstensyon sa mga susunod na taon. Naging kasangkapan ito para mabuo ang proyektong serbisyo publiko na pinamagatang, "*DGO sa Komyu*," isang pakete ng mga seminar at pagsasanay, gawaing pangkultura, at pangkagalingan. Ang "*DGO sa Komyu*" ay isinasagawa sa Brgy. UP Campus mula Nobyembre 2017 hanggang Hulyo 2018.


**Larawan 5: Information, Training and Advocacy Materials (ITAs)**











Nagpapalaganap din ang DGO ng mga ITA katulad ng *Gender and Sexuality Issues Primer 2006,* mga *brochure* hinggil sa usaping LGBT, karahasan sa kababaihan, kalusugang sekswal, maagang pagbubuntis at *Human Immunodeficiency Virus-Acquired Immunodeficiency Syndrome* o HIV-AIDS (DGO GAD 2015), praymer ng mga batas na RA 9262 (Anti-VAWC), at RA 8353 (Anti-Rape Law).


**Larawan 6: Mga Praymer ng Batas**




Naglabas noong Pebrero 2017 ng *flyer* hinggil sa UP Diliman Violence Against Women Protocol (VAW Protocol). Buwan naman ng Mayo at Setyembre nang mailabas ang DGO Monograph Series 1 na pinamagatang, "From Flor to Mary Jane: Divergences, Intersection, and Trajectories" na isinulat ni Atty. Edre U. Olalia, pangkalahatang kalihim ng National Union of Peoples' Lawyers (NUPL), at DGO Monograph Series 2 na pinamagatang, "Reintroducing Absolute Divorce in the Philippines & Thoughts on the Divorce Bill" ni Atty. Alnie G. Foja, *legal consultant* ng DGO. Ang mga nabanggit na sulatin ay halaw mula sa mga talakayang pinangunahan ng Opisina noong Nobyembre 2016 at Oktubre 2017.

**Larawan 7: DGO Monograph Series 1 & 2**




Inilathala rin ang pinakaunang upisyal na dyornal ng opisina ngayong 2018–ang Diliman Gender Review Bol. 1, na may oryentasyong maglathala ng mga pangkasariang pananaliksik, mapanlikhang sulatin, rebyu ng mga tesis, disertasyon, aklat, pelikula't iba pang midya at dokumentaryo. Tampok sa unang isyu ang panimulang paglalagom ng Diliman Gender Office. Sa unang pagkakataon, sa loob ng mahigit 15 taon, naisatitik ang mga natamo, pag-unlad at mga hamon sa serbisyo at mandato ng opisina.

## IV. Pagbubuo ng Gender and Development Committee (GAD Committee)

Ang gawaing *gender mainstreaming* sa mga Unibersidad at Kolehiyo ay higit na umunlad nang maipasa ang *Executive Order No. 273* noong 1995 na nag-uutos sa mga ahensya ng gobyerno na ilangkap ang usaping Gender and Development (GAD) sa gawain at badyet ng mga kagawaran. Nakatulong din ang panukala ng National Commission on the Role of Filipino Women (NCRFW; ngayon ay Philippine Commission on Women [PCW]) na nag-aatas sa mga kagawaran na maglaan ng limang porsyento (5%) ng kanilang pondo sa mga proyektong tutugon sa mga usaping pangkasarian (NCRFW GAD 2002).

Sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman, DGO ang malaon nang namamahala sa pagbubuo at pagpapatibay ng mekanismo para matugunan ang mandatong *gender mainstreaming* ng Unibersidad. Kaya sinalubong na lamang nito ang papalakas na kampanya sa GAD na dala-dala ng *Joint Circular 2012-01* ng *Philippine Commission on Women (PCW), Department of Budget and Management (DBM),* at *National Economic Development Authority (NEDA)* noong 2012 na mag-uutos sa mga SUC at iba't ibang sangay ng pamahalaan at establisimyento na gumawa ng taunang *GADPB*, at bumuo ng *GAD Accomplishment Report (GAD AR)* upang tiyakin na naisusulong ang mga gawaing pang-GAD sa mga SUC, lokal na pamahalaan, at establisimyento. Bukod dito, patuloy ding nililinang ang GAD Focal Point System sa UP Diliman na siyang tagapagpadaloy ng mga programang pangkasarian sa Unibersidad (Philippine Comission on Women w.t.).

## UP Diliman GAD Focal Point System

Ang GAD Focal Point System (GAD FPS) ang pangunahing mekanismo na nagtitiyak na maisakatuparan ng Unibersidad ang mandato nito para sa *gender mainstream*ing. Nangangahulugan ito ng pagbubuo ng GAD Committee sa bawat kolehiyo/ yunit na mangunguna at mangangasiwa sa mga proyektong pang-GAD sa bawat lokalidad.

Binuo ang GAD Focal Point System sa UP noong 2011. Nagmumula sa mga kinatawan ng kolehiyo at mga opisina ang mga miyembro ng GAD Committee. Sila rin ang bumubuo ng GAD Committee ng bawat kolehiyo o yunit. Binibigyan sila ng mga pag-aaral, isinasangkot sa mga gawaing adbokasiya, at katuwang sila sa paglikha ng GAD PB at GAD Accomplishment Report ng Unibersidad.

**Larawan 8.1: Gender and Development Summit**




**Balay Kalinaw**
**2013**



**National Engineering Center**
**2015**



**DGO Seminar Room, 2016**



**CHE Gusali, 2017**




**CHE Gusali, 2018**

Lumilikha ang DGO ng mga aktibidad na ibayong nagpapayaman ng kapasidad ng GAD Committee, tulad ng pagsasanay sa paggawa ng GADPB at GAD Accomplishment Report, *Paralegal and Feminist Training, Gender-Sensitive Interviewing, Trainer's Training, GSO, Orientation on Handling Violence Against Young People, Work-Life Balance Sessions, VAWC Seminar, SOGIE,* at iba pang espesyal na paksa, pati na rin ang paglahok sa mga kampanyang lokal at pambansang isyung pangkasarian. Hinihikayat din ng DGO na bumuo ng sariling programang pang-GAD ang bawat kolehiyo o yunit batay sa sarili nilang pangangailangan at katangian tulad halimbawa ng nga *child-minding center*, *gender-neutral CR*, mga *Work-Life Balance session* at pagsasagawa ng mga espesyal na pag-aaral at proyekto.

Ang GAD Committee din ang punong abala at katuwang sa implementasyon ng mga programa sa adbokasiya ng DGO katulad ng taunang *One Billion Rising (OBR), Women's Month, Pride Month,* at *18-Day Campaign Against Gender-Based Violence*. Tinitipon ng DGO ang mga indibidwal na proyekto ng mga opisina para ihapag sa mas malawak na publiko. Sila din ang aktibong naghihikayat sa kanilang kolehiyo o yunit na dumalo sa mga programa't proyektong pangkasarian.

Dalawang beses isang taon, nagpapatawag ang DGO ng GAD Summit. Ito ay pangkalahatang pulong ng mga kinatawan ng mga GAD Committee para pag-usapan ang paggawa ng GAD PB ng mga kolehiyo o yunit. Ang mga GAD Committee ang may pangunahing tungkuling magsumite ng GAD PB at GAD AR ng bawat kolehiyo o yunit. Susi ang pakikipag-ugnayan sa mga administrador at tagapamuno para sa produktibo at mabungang implementasyon ng GADPB. Nitong nakaraang Oktubre, dumalo ang pinakamaraming miyembro ng GAD Committee kung saan mahigit 90 katao ang ang lumahok na kumakatawan sa 44 na opisina/yunit sa UP Diliman.

Susi sa masinsin at sustinidong *gender mainstreaming* sa Unibersidad ang pagtataguyod ng mga Tsanselor ng UP Diliman sa gawaing GAD at paglalabas ng mga *gender-sensitive* na palisiya at direktiba. Taun-taon, mayroong *memorandum* ang Tsanselor para bumuo ng GADPB at GAD AR ang mga kolehiyo at yunit, magpadalo sa GAD Summit, at lumahok sa mga pag-aaral gaya ng GST at HGDG. Nauna itong isinagawa sa ilalim ni Tsanselor Caesar Saloma noong 2012 sa pamamagitan ng Memo No. CAS-12-009 na nag-aatas sa mga kolehiyo at opisina na magtalaga ng Gender and Development (GAD) Focal Point Person para sa GAD FPS ng UP Diliman (Neri 2016). Naglabas din si Tsanselor Michael L. Tan ng Memo No. MLT 14-020 noong 2014 at ng Memo No. 17-247 nitong 2017, na nag-oobliga sa mga opisina na bumuo ng GAD Committee, nagtatalaga ng mga GAD Focal Point Person kung walang komite at dumalo sa GAD Summit noong Oktubre 26, 2017 para bumuo ng harmonized GAD AR.

Nagbunga ang masigasig na pagkilos ng GAD Committee nitong mga nakaraang taon. May mga kolehiyo/yunit na nagkaroon ng *child-minding* room (CSWCD at Main Library) samantalang pinagsisikapan ito ngayong itayo ng OUR, CAL at CMO. Maliban sa CAL, OUR at CMO, ang iba pang nagpahayag ng pangangailangan para sa *child-minding room* ay ang School of Statistics, Archi,

College of Mass Comunication, College of Law, CHE, College of Music, at Asian Institute of Tourism. Pinagpupunyagian din ng CAL at OUR na magkaroon ng mga *gender-neutral CR* sa kanilang mga kolehiyo/yunit. Nangunguna rin sa pagdaraos ng sariling Gender and Development Summit ang OVCRD, at Office of the Vice Chancellor for Student Affairs (OVCSA), samantalang nakipagpulong na rin ang NCPAG at CSWCD-GAD Committee para sa pagbubuo ng Harmonized Gender and Development Accomplishment Report, at iba pang gawaing pang-GAD.

**Larawan 8.2: UP Diliman Tsanselor Michael Lim Tan**




**Lantern Parade 2016, kasama ang mga administrador ng UP (L-R: VC for Research and Development Fidel Nemenzo, VC for Community Affairs Nestor Castro, Tsanselor Michael Lim Tan, VC for Student Affairs Jerwin Agpaoa)**



**UP Diliman Tsanselor Michael Lim Tan**

*Sanggunian: University of the Philippines Diliman 2018*

Nagpakita naman ng inisyatiba at pagsusumikap na makapagpasa ng GAD AR, sa pakikipagtulungan sa Diliman Budget Office ang opisina ng OVCSA, IIS, Departamento ng Research and Extension for Development Office at Women and Development Studies ng CSWCD, CSSP, OASH, at OVCRD.

## V. Gawaing Adbokasiya

Aktibong itinataguyod ng DGO ang pagbuo ng mga programa at aktibidad para sa mga kampanyang nagtataguyod ng pagkakapantay-pantay at hustisyang pangkasarian. Nahahati sa tatlo ang mga programang nilalahukan nito: 1) programa na aktibong nagpapalawak ng usaping pangkasarian; 2) mga programang tumutugon sa napapanahong isyung pangkasarian at pambayan; at 3) pakikiisa sa mga pambansa at pandaigdigang pagdiriwang.

Noong 2003, binuo ang UPDGO *Volunteers* na kinabibilangan ng mga indibidwal na boluntaryong nag-*sign up* at lumahok sa panawagan ng DGO (DGO Annual Report 2003). Sila, katuwang ang CSWCD *field work students* ang nag-*room-to-room* hinggil sa usaping pangkasarian, at namahagi ng mga materyal katulad ng *brochure* at *posters* na likha ng DGO. Naipamahagi ito sa mga kolehiyo/yunit, *waiting shed* at mga dyip sa UP Campus. Kaparis nito, taong 2008 ay muling namigay ang opisina ng *brochures* na nagpapakilala sa mga layunin, serbisyo at mga programa nito. Noong 2015, sa unang pagkakataon, inilalabas ng DGO ang *brochure* na may kapwa bersyon sa wikang Filipino at Ingles (DGO GAD 2015).

**Larawan 9: Mga Poster at Brochure ng DGO**




**2008** **2013** **2015**

Katuwang ang UCWGS (dating UCWS), naglabas ang DGO ng listahan ng klaseng nagpapakilala sa mga kurso ng iba't ibang kolehiyo. Nilalaman nito ang detalyadong impormasyon ng mga kursong mayroong kaugnayan sa kababaihan, kasarian, at sekswalidad na handog ng mga departamento ng mga kolehiyo sa UP Diliman sa partikular na semestre. Bunsod nito, batay sa 2008 DGO Accomplishment, mula 36 kurso sa ikalawang semestre ng AY 2006-2007, tumaas ang bilang ng kurso sa kasarian tungo 49 para sa unang semestre ng AY 2008-2009. Ayon kay Dr. Elizabeth Enriquez (2018), naibukas sa CMC ang kursong *Comm 141 o Media & SOGIE* noong ikalawang semestre ng AY 2013-2014. Dagdag ito sa kursong *Social Science 3: Exploring Gender and Sexuality* at *Sociology 10: Gender and Society* ng CSSP at *Panitikan ng Pilipinas 19: Sekswalidad, Kasarian, at Panitikan* ng DFPP-CAL. Mahusay na indikasyon ito ng pagiging interesado ng mga mag-aaral at pagsisikhay ng mga indibidwal na departamento at kolehiyo sa pakikiisa sa pagbubukas ng mga klase hinggil sa kasarian at sekswalidad.

Mayroon ding mga programa para ma-engganyo ang malawak na madla ng *social media* at mas malawak na publiko. Bumuo ang DGO ng *website* noong 2004 (DGO Report 2004) at ng Facebook (FB) Page noong 2012. Higit na naging popular ang FB Page na ginagamit pa rin hanggang sa kasalukuyan. Dito pinadadaloy ang mga imbitasyon para sa mga programa at proyekto, mga proyektong naisagawa, pati mga impormasyong nakaaambag sa kampanyang pangkasarian at sekswalidad.

Naging daluyan din ng adbokasiya ng DGO ang DZUP 1602 na upisyal na *AM Radio* ng UP Diliman. Noong 2008, nagkaroon ng regular na pagbisita sa programang "Sky is the Limit" ang Opisina (DGO Concept Note 2008). Naging bahagi ng programa ang serbisyong *on air counseling* ngunit paglaon, hinango na lamang mula sa DGO ang *resource pool* na tumatalakay ng usaping pangkasarian sa ilang tampok na *episode* ng programa.

**Larawan 10: GENDERadyo sa DZUP**






Kung ang isyung tatalakayin ay kasarian, regular na inaanyayahan sa iba't ibang programa ng DZUP ang DGO katulad ng KALampagan, Usapang P, Wika ng Ina mo, 'Yun 'Yon, Serbisyong Tatak UP, at UP Naming Mahal, bilang halimbawa. Sinimulan na rin nitong buwan ng Mayo 2018 ang GENDERadyo—ang upisyal na programa sa radyo ng DGO na lubos na laan sa mga usaping pangkababaihan at kasarian. Mapapakinggan ang programa tuwing Biyernes, ala-1 hanggang alas-2nh sa DZUP 1602kHz o kaya sa www.dzup.org.

Lumilikha din ng mga *video presentation* ang DGO na nagtatampok ng mga serbisyo at gawain ng opisina. Ginagamit ang mga ito sa mga *seminar* at pagsasanay, adbokasiya at pakikipag-ugnayan sa iba't ibang ahensya. Noong 2017, nakapaglabas ng *UP Diliman VAW Protocol Video* na naglalayong ipakilala ang iba't ibang uri ng karahasan sa kababaihan at iba pang kasarian. Tampok dito ang mga hakbang na maaaring sundin ng isang biktima o saksi ng karahasan, pati na rin ang mga katuwang na opisina sa loob at labas ng UP Diliman Campus.

**Larawan 11: Gender-Based Violence Protocol Video (GBV video)**






**Kuha ang mga letrato mula sa GBV video ng DGO. Katuwang sa produksyon ang UP Repertory Company (UP Rep) at Sining na Naglilingkod sa Bayan (Sinagbayan)**

Nakikipag-ugnayan ang DGO sa mga opisina, organisasyon at grupong nakikiisa sa kahalagahan ng mga usaping pangkasarian at sekswalidad upang higit na maitaguyod ang mga proyekto. Naglunsad ng *signature campaign* ang opisina noong 2003 para pailawan ang *violence-prone* na mga lugar sa loob ng Kampus (DGO Report 2003). Matagumpay na napailawan ang mga madidilim at delikadong bahagi ng Kampus, sa tulong ng CMO, bagaman malaki pa ang kailangang kamtin sa gawaing ito hanggang ngayon. Mula 2001 hanggang sa kasalukuyan, nagpaplano at nagsasagawa ang Opisina ng iba't ibang anyo at daluyan ng kampanya para maabot ang mas malawak na bilang ng publiko (DGO Report 2001). Ilan lamang ang mga talakayan, *fun run*, kultural na pagtatanghal, *film festival*, *work-life balance program*, pati na rin ang pamamahayag sa

DZUP *radio* programs. Aktibo ding nakikipag-ugnayan ang Opisina sa mga organisasyon ng mga estudyante, unyon, barangay, pati na rin mga pangkat at opisina sa labas ng Unibersidad na nagtataguyod ng kampanya para sa kababaihan at kasarian.

**Larawan 11: Work-Life Balance**






Lumalahok ang DGO sa mga pambansa at internasyunal na kampanya laban sa karahasan tulad ng paglahok sa One Billion Rising (OBR) tuwing Pebrero, Buwan ng Kababaihan tuwing Marso at *18-Day Campaign Against Gender-Based Violence* tuwing Nobyembre.

Ang OBR ay pandaigdigang kampanya upang wakasan ang karahasan laban sa kababaihan. Tinawag itong One Billion Rising dahil sa buong mundo, isa sa tatlong kababaihan ang nakakaranas ng karahasan sa kaniyang buhay. Mula noon, taun-taon nang idinadaos ito sa UP Diliman kalahok ang mga mag-aaral, kawani, fakulti, at mga administrador. Ang unang tema ng OBR sa UP Diliman noong 2013 ay, *"Strike, Rise, Dance"* (DGO GAD 2013). Sinundan ito noong 2014 ng, "Nagkakaisang UP, babangon para sa katarungan!" Taong 2015 ay tinanganan naman ang temang, "*One Billion Rising Revolution*," na sinundan ng 2016 ng, "Malay-sa-Kasariang-Edukasyon (*Gender-Sensitive General Education o GE*)." Nitong nakaraang taon (2017), isinulong ang temang, "*Rising for Jobs, Education, Land, Justice and Peace!*" Ngayong taon (2018), binuklod ang komunidad ng UP ng sentral na temang "*UP Laban sa Opresyon at Diskriminasyon o #UPLODi.*" Katuwang ang UPD GAD Committee at GABRIELA Youth sa paghahanda ng UPD OBR.

**Larawan 10: One Billion Rising**



**Quezon Hall, 2018**



**Quezon Hall, 2017**



**Quezon Hall, 2016**



**Quezon Hall, 2015**

*Sanggunian:*

*Philippine Collegian One Billion Rising, 2018; DGO One Billion Rising 2017; DGO One Billion Rising UP Diliman, 2016; Facebook posts of Det Neri, 2015*

Bumubuo naman ang GAD Committee ng konsolidadong plano para sa isang buwang pagdiriwang ng Buwan ng Kababaihan. Samantalang ginugunita tuwing Nobyembre ang *18-Day Campaign Against GBV*. Nagdaraos ang DGO ng iba't ibang anyo ng aktibidad para makiisa sa mga nabanggit na pagdiriwang. Ilang halimbawa ay ang *film viewing, fora, lecture series, tarpaulin festival, road painting, cultural night, art exhibit, mural painting,* libreng meryenda at libreng sakay ng Ikot at Toki *jeep*.

Upang tugunan ang kagyat na kagalingan ng mga fakulti at kawani, nagsasagawa ng mga programa katulad ng *Work-Life Balance* na sinimulan noong 2015 upang mapanatili ang masiglang diskusyon hinggil sa usapin ng kasarian sa pamamagitan ng pagpapalabas ng sine at libreng masahe sa lahat ng mga kawani, REPS, fakulti at mag-aaral ng UP Campus (DGO GAD 2015). Ginawa itong regular na aktibidad para sa mga panahon ng kampanya para sa Buwan ng Kababaihan at 18-*Day Campaign Against Gender-Based Violence*. Ang GAD Committee at organisasyong pang-estudyante ang katuwang sa mga aktibidad na ito.

**Talahanayan 10: Aktibidad sa Adbokasiya**

| Taon | Aktibidad | Lugar | Katuwang na opisina/ organisasyon ng DGO |
|---|---|---|---|
| **2001** | Martsa habang nagbabasa ng pahayag at pagtugon ng mga mag-aaral at fakulti hinggil sa mga isyung pangkasarian sa UP Diliman. | Academic Oval | -- |
| | *Book sale & book signing* | -- | Mga kababaihang manunulat ng UP |
| | *Exhibit/ sale of Indigenous Women's Tapestries and Paintings* | -- | -- |
| | Pagbubukas ng *International Film Festival* | UP Film Institute (UPFI) | -- |
| | *Redefining Women's Perspective in Film Forum* | -- | -- |
| | *Film Showing: Tanging Yaman at Erin Brochovich* | UPFI | -- |
| | *Gender Solidarity Night* | -- | -- |
| | Pagpupugay at Pagpapasalamat: *Culminating Activity* | -- | -- |
| | *UP Diliman Rape-free Community Mobilization-VAW orientation for men* | -- | Brgy. UP Campus, Kalihim ng mga Kolehiyo, Tagapayong fakulti, Organisasyon ng estudyante |
| | *Pamimigay ng brochures/ wallet-sized primers tungkol sa kasarian at serbisyo ng UPDGO* | -- | -- |
| | *Ritual Signing of Commitment to engender the UP Diliman Community* | Quezon Hall | -- |
| | *Gender-sensitive storytelling for children* | -- | Mga *sorority* at *fraternity* |
| | *Panel Discussion on "Nurturing in the 21st Century"* | -- | -- |

**Talahanayan 10: Aktibidad sa Adbokasiya**

| Taon | | | |
|---|---|---|---|
| **2001** | *Feminist Counseling Orientation* | -- | Mga boluntaryong estudyante, *Paracounselors*, upisyal at miyembro ng OASH Committee |
| **2002** | *Anti-Sexual harassment, Sex trafficking, Portrayal of Women in Mass Media* (Adbokasiya sa telebisyon) | -- | Channel 21 |
| | *Diliman Gender Week*<br>*-UP Anti-VAW poster & promenade tour of UP Diliman sites with historical significance for Women*<br>*-Pagbuo ng UP Diliman Healing Arts Committee*<br>*-Anti-Sexual Harassment radio interview* | -- | DZUP |
| | *Outreach projects*<br>-Suporta sa *advocacy program* ng Women's Crisis Center<br>*-Healing Arts Demonstration* (Isabela) para sa Woman Health | -- | -- |
| | *Seminar-Workshop on Strengthening UP Gender Programs System-wide* | -- | -- |
| | *Assistance to Department of Military Science and Tactics (DMST) in the formation of Technical Working Group on Anti-Sexual Harassment* | -- | -- |
| | *Light up the Campus Week-long Campaign*<br>*-VHS film showing & exhibit*<br>*-Fun Run* | AS Lobby, Academic Oval | -- |
| | *Abuse of Women in Intimate Relationships (AWIR) forum* | -- | -- |
| **2003** | Talakayang *"Examining the Filipino Family & Kinship: Various Perspectives, Feminist Discussions & Evolving Manifestations of Family & Kinship, and Impact of Migration for Work on Filipino Families & Kinship"* | -- | Mga *non-government organizations* (NGO), at Opisina ng gobyerno, Estudyante at Fakulti |

**Talahanayan 10: Aktibidad sa Adbokasiya**

| Taon | | | |
|---|---|---|---|
| **2003** | Pagdiriwang ng Buwan ng Kababaihan sa ilalim ng temang, "Culture for Peace: Kababaihan, Kailangan para sa Kapayapaan" | -- | Estudyante, Fakulti, NGO, Komunidad ng UP |
| | "Diak maawatan! Eh ikaw, alam mo ba?" *Gender Dynamics, Violence Against Women and Sexual Harassment Orientation* | Cavinti, Laguna | Fakulti at kawani ng UP Fogarty International Center |
| | *Consultation Towards Developing a Program for Older People* | UCWS Conference Room | -- |
| | *Women in Science* | -- | AGHAM: Advocates of Science and Technology for the People |
| | *Enhancing Work Relationships seminar* | -- | -- |
| | Paglahok sa programa at pamimigay ng mga *information, education and communication (IEC materials)* sa Freshmen Assembly | -- | OVCAA |
| **2004** | *Reclaim the Night: Run Against VAW* | -- | Gabriela Youth (GY) |
| | *Women's Jobs on the Brink: Can the Garments Industry Be Transformed?* | -- | UCWS, Institute of Small Scale Industries (ISSI), Fair Trade Alliance Labor |
| | Talakayang *"Violence Against Women Cases in UP Diliman"* | -- | UCWS, OASH, Fakulti, Sangguniang Kabataan (SK), Samahan ng Kababaihan Para sa Kaunlaran (SKPK), Tagapamahala ng dormitoryo, UPDP, UHS, Brgy. Gintong Samahan, OCG |
| | Presentasyon ni Hiroko Hara ng Japan ng, *"Women Watch Research: A Regional Study on Health and Sexuality"* | -- | NGOs, Women and Gender Institute-Miriam College (WAGI-MC) |

**Talahanayan 10: Aktibidad sa Adbokasiya**

| Taon | | | |
|---|---|---|---|
| **2004** | "Mga tula at talakayan ng mga Isyu ng mga Mag-aaral, Kawani at Guro sa Araw ng Kababaihan," *Cultural night* | -- | CSWCD Community Development Class, All UP Academic Employees Union (AUPAEU), All UP Workers Union (AUPWU) |
| | *Promotion of Gender Awareness during the UP Fair* | -- | Organisasyon ng mga estudyante |
| | *Photo exhibit during CSWCD building Inaguration* | -- | Estudyante ng Community Development |
| | *Round Table Discussion on Violence Against Women Cases in UP Diliman* | -- | -- |
| | *Dance for Life Workshop (Dance Therapy)* | -- | -- |
| | Paglahok sa programa at pamimigay ng mga *IEC materials* sa Freshmen Assembly | -- | CHE, CSWCD, CEduc, CAL, CSSP, OVCSA |
| | *NGO and Academe Consultation on Beijing Plus 10* | -- | -- |
| | *Fieldwork students' orientation* | -- | -- |
| | *Focus group discussion (FGD)* hinggil sa estado ng midya at komunikasyon *(mass media education)* sa Pilipinas | -- | CMC |
| | "Maurice" *film showing* | -- | Estudyante ng CSWCD *fieldwork,* Babaylan |
| **2005** | *Gender Fair: UP's Young Women Look Forward* | Vargas Museum | UPCWS |
| | *Advocacy Forum on Anti-Discrimination Bill* | -- | OASH |
| **2006** | Talakayang *"Encouraging Men's Advocacy for Gender Equity"* | UP DGO Seminar Room | -- |

**Talahanayan 10: Aktibidad sa Adbokasiya**

| Taon | | | |
|---|---|---|---|
| **2006** | *"Gender and Political Engagement through Visual Arts"* diskusyon ni Prop. Terry Berkuwitz ng Baruch College, City University of New York | -- | Department of Art Studies-CAL (DAS-CAL), CAL, Center for International Studies (CIS) |
| | *'Filipina'* art exhibit ni Iza Lorenzo *(photographer) and* Gregory Ray Halili *(painter)* | Vargas Museum | Office of the Chancellor (OC) |
| | *Si Pilar, Pepe at MDGS* | University Center for Women's Studies | UP Population Institute (UPPI), Philippine Legislators' Committee on Population and Development (PLCPD), DWDS |
| | Kababaihan Laban sa Karahasan *forum* | Brgy 177, Caloocan City | -- |
| | *Gender, Gender Issues and Sexual Harassment forum* | UPIS | UP Integrated School (UPIS), OASH |
| **2008** | Talakayang "Hindi ito Isang Aklat, Isa Itong Babae: Pagbabasa ng mga Tula ni Gloria Fuertes (Makatang Kastila, 1917-1998)" | UP DGO Seminar Room | CIS, CAL, OASH |
| **2013** | *One Night Stand* sa Lagoon: Isang Gabi ng Awit, Tula, at Sayaw ng Kababaihan | UP Lagoon | -- |
| | Nora Aunor Film Festival on *Women* | -- | -- |
| **2014** | Obrera: Ang Kababaihang Manggagawa sa Kasaysayan ng Pilipinas | Claro M. Recto Hall, Faculty Center | -- |
| **2015** | Kababaihang Martir ng Kasaysayan *Forum* | Claro M. Recto Hall, Faculty Center | -- |
| | Kababaihang Martir ng Kasaysayan *Exhibit* | Gallery 2, Faculty Center | -- |
| | Gabi ng Parangal para sa Kababaihang Martir ng Kasaysayan | Quezon Hall | -- |
| | Usapang Lila forum | College of Mass Communication Auditorium | Center for Women's Resources (CWR) |

**Talahanayan 10: Aktibidad sa Adbokasiya**

| Taon | | | |
|---|---|---|---|
| **2016** | Forum: *The Voice of our Scars Conversations with Lola Fidencia David, the Last Comfort Women in Lolas Kampanyeras* | Claro M. Recto Hall, Faculty Center | Alpha Nu Fraternity |
| | Women's Month *Tarpfest* Theme: Gender-sensitive UP Education | Academic Oval | CWGS, College of Music, UHS, CMC, CFA |
| | Hakbang Kamalayan *Tarpfest* Tema: Seksistang Wika at Pananalita | Academic Oval | SWF |
| | Wika at Kasarian *forum* | C. M. Recto Hall, Faculty Center | SWF, CWGS |
| | *Silat Introductory Workshop* | UP DGO Seminar Room | Asst. Prop. Felipe Jocano |
| | *Work-Life Balance 1* | UP DGO Seminar Room | Technical Educatuon and Skills Development Agency (TESDA), Brgy. UP Campus |
| | "Pamamanhikan" (Isang Yugtong Dulang Lesbiyana) | Palma Hall Annex | Asst. Prop. Bernadette Neri |
| | *Stat's Next Top Model: Skewed Pair Pageant* | Room 400, Palma Hall | College of Statistics Student Council (Stat-SC) |
| | "Usapang Puke" Pagtatanghal ng isinaling *Vagina Monologues* | Malcom Theatre, College of Law | GY UP Diliman, Pi Sigma Delta, CL |
| | "Girl Talk: Young Women's Electoral Agenda & Girl Talk: Young Women's Role for A Just and Lasting Peace" *forum* | College of Education Theatre | GY UP Diliman |
| | *UP Sagip GE Forum: The Need for Gender Course in GE Courses* | CMC Auditorium | UP Sagip General Education (UP Sagip GE) |
| | Partisipasyon sa Kampuhan sa Diliman 2016 | UP Diliman | Save Our Schools (SOS) |
| | Programa para sa kampanyang, *"Justice for Jennifer Laude"* | Palma Hall Lobby | Bahaghari |
| | Aktibidad para sa UP Pride Month<br>*-Round Table Discussion on LGBT Rights and Issues*<br>-Kalembang Kontra Bang-Bang | UP Diliman | OVCAA, USC, UP Babaylan, CWGS, GWP<br>SWF, GWP, CWGS |

**Talahanayan 10: Aktibidad sa Adbokasiya**

| Taon | | | |
|---|---|---|---|
| **2016** | *cultural program*<br>-Palihang Lino Brocka *Film Festival* | | |
| | Aktibidad para sa *18-Day Campaign Against Gender-Based Violence*<br>*-Orange Ribbon Tying*<br>*-Round Table Discussion on Sexual Harassment*<br>*-Work-Life Balance 2*<br>-Pakikilahok sa Lantern Parade 2016 | Academic Oval | SWF, GWP, CWGS |
| **2017** | One Billion Rising 2017: Laban sa Pagsasamantala sa Mga Kababaihan<br>*-OBR Zumba*<br>*-OBR March*<br>*- OBR Road Painting* | AS Steps, Academic Oval, Quezon Hall | GY UP Diliman, Brgy. UP Campus, atbp kolehiyo/ yunit ng UP Diliman |
| | Tanghal-Talakay: Bangon para sa hustisyang pangkasarian, edukasyon, trabaho, lupa, at kapayapaan | Teatro Hermogenes Ylagan, CSSP Pavillion | Sining na Naglilingkod sa Bayan (Sinagbayan), UP Repertory Company (UP Rep) |
| | *UP Diliman Gender-Based Violence Protocol Video* | -- | -- |
| | Libreng Merienda at Libreng sakay sa Ikot at Toki sa Pandaigdigang Araw ng Kababaihan | UP Diliman | Samahan ng mga Manininda sa UP Campus (SMUPC), Bagong Samahan ng mga Drivers and Operators Association (BSDOA) |
| | *Work-Life Balance 3* | DGO Seminar Room | -- |
| | *Orientation on Handling Violence Against Young People* | DGO Seminar Room | OASH |
| | Women's Month 2017: Bangon para sa hustisyang pangkasarian, edukasyon, trabaho, lupa, at kapayapaan<br>-Ulat Lila<br>-Martsa sa Pandaigdigang Araw ng Kababaihan<br>*-Ladies' Room*: Mga Pelikula ng Pagbangon at Pagbalikwas *(film showing)* | UP Diliman | CAL, CSSP, CWR, SMUPC, BSDOA, GY UP Diliman, GY UP Diliman, Artists' Circle Sorority, OASH |

**Talahanayan 10: Aktibidad sa Adbokasiya**

| Taon | | | |
|---|---|---|---|
| **2017** | Aliwanay: *Reclaiming Women's Bodies and Women's Spaces (cultural night)* | | |
| | *OPPAASA: Change is…* Charot lang? (Talakayan hinggil sa nalalapit na SONA ni Pang. Duterte) | DGO Seminar Room | Bahaghari |
| | "Wika at Kasarian" Buwan ng Wika *Tarpfest* at Peminismong Babaylan Talakayan | UP Diliman Academic Oval, AS 400 | SWF |
| | Pakikiisa sa Lakbayan 2017<br>*-Save Our Schools Discussion*<br>*-Bai Speaks Against State Plunder and Facism: Gathering and Sharing of Experiences, Struggles of Indigenous and Moro Women and Youth forum* | UP Diliman | SOS, Bai Indigenous Women's Network (BAI), CMC |
| | "Nanay, Tatay, Gusto Kong Tinapay; Nanay, Tatay, Gusto Kong Mabuhay: Talakayan ng mga Magulang na Nagkakaisa Laban sa EJKs-- *a psychosocial and legal forum"* | UP DGO Seminar Room | BAI, Brgy. UP Campus |
| | *"Peasant Women's Situation" forum* | UP DGO Seminar Room | Sinagbayan |
| | *Round table discussion: "Reintroducing Absolute Divorce in the Philippines & Thoughts on the Divorce Bill"* | UP DGO Seminar Room | -- |
| | *Work-Life Balance 5* | UP DGO Seminar Room | -- |

Katuwang ang DGO at OASH sa institusyonalisasyon ng Pride Month sa UP Diliman tuwing Setyembre. Taong 2015, binuo ng Office of the Chancellor ang Komite sa *Pride Month* na kinabibilangan ng OVCSA, DGO, OASH, USC, at UP Babaylan. Layunin ng institusyonalisasyong ito na maging regular na bahagi ang *Pride Month* upang maglunsad ng iba't ibang aktibidad para sa pagpapalaganap ng pagkakapantay-pantay at mapawi ang lahat ng anyo ng diskriminasyon sa LGBT. Lumahok ang UPDGO sa pamamagitan ng pagsasagawa ng *Tarp Festival* sa buong Academic Oval sa loob ng isang buwan. Itinatampok dito ang pagtutol sa seksistang pananalita, paglaban sa karahasan at diskriminasyon, at pagsasakapangyarihan sa komunidad ng LGBT.

## VI. Gawaing Ekstensyon o Serbisyo Publiko

Bahagi ng paglilingkod-bayan ng DGO ang pagbabahagi ng kaalaman at kasanayan sa unibersidad, kolehiyo, sangay at mga opisina ng pamahalaan, mga pribado at pampublikong organisasyon sa labas ng Kampus. Kalimitan, tumutulong ang DGO sa mga pangangailangan para sa mga pagsasanay sa *gender sensitivity* at sa pagpapalakas ng gawaing *gender mainstreaming* sa mga opisina ng lokal na pamahalaan.

**Larawan 11: Gawaing Ekstensyon sa labas ng UP**



**Quezon City Office of the Mayor, 2017**



**Senate Electoral Tribunal, 2015**

Mula 2002 hanggang 2017, nakapaglunsad ng GST sa mga kawani ng Senate Electoral Tribunal (SET), UPOU, UP Manila (UPM), Philippine Normal University–Manila (PNU-Mania), Bulacan State University (BulSu), Arellano University (AU), at Palawan State University (PSU). Nabigyan din ng pagsasanay ang mga sumusunod na lokal na ahensya ng gobyerno: FCHC ng Brgy. UP Campus, Office of the Mayor ng Quezon City Hall, National Housing Authority (NHA), Philippine Overseas Employment Agency (POEA), Professional Regulation Commission (PRC) at iba pa (DGO Training and Outreach Report 2002). Tunghayan ang sumusunod na talahanayan.

**Talahanayan 11: Gawaing Ekstensyon/Serbisyo Publiko sa Larangan ng Pagsasanay, 2002- 2017**

| Taon | Petsa | Pagsasanay | Kalahok |
|---|---|---|---|
| **2002** | **Enero** | *GST at Anti-Sexual Harassment Orientation* | Fakulti at kawani ng UPOU |
| | **--** | GST | Albert Schweitzer Association of the Philippines |
| | **Oktubre** | GST | Entracco *environment consultants and administrative staff* |
| **2003** | **--** | *DGO Orientation -Women's Movement Legislative Autonomy forum* | Philippine Association of University Women |
| | **--** | *Anti-Sexual Harassment seminar* | AUPWU |
| **2004** | **Enero 28** | GST | Estudyante ng UP Manila |
| | **Marso** | *DGO orientation* | Kasapi ng Philippine Association of University Women |
| **2005** | **Pebrero 23** | GSO | Estudyante ni Dr. Del Mundo (UPM) |
| **2006** | **Enero 28** | *Orientation on Gender Awareness and related laws* | FCHC Core Group -Brgy. UP Campus at Barangay *council* |
| **2013** | **Pebrero 18, 25 at 26** | *Gender orientation* (3 sesyon) | Kababaihan sa komunidad, OCR, *All UP Women Solidarity* |
| | **Abril 25-26** | *Trainers' Training on Gender-based Violence* | Kababaihan sa komunidad, OCR, All UP Women Solidarity, FCHC-Brgy. UP Campus |
| | **Mayo 8, 11, 16 at 19** | *Supervised Practicum for Community Women on conducting training* | Kababaihan sa komunidad, OCR, All UP Women Solidarity, FCHC-Brgy. UP Campus |
| | **--** | GSO | Kawani ng Philippine Volcanology and Seismology (PHIVOLCS) |
| **2015** | **--** | GSO (5 sesyon) | Philippine Normal University (PNU), PSU, AU-Oriental Mindoro Division |
| | **--** | 4 *NSTP Trainings* | Estudyante ng PNU |

**Talahanayan 11: Gawaing Ekstensyon/Serbisyo Publiko sa Larangan ng Pagsasanay, 2002-2017**

| Taon | | | |
|---|---|---|---|
| **2015** | **Setyembre** | GST (2 sesyon) | POEA |
| | **Setyembre** | *3-day GST* | Kawani ng SET |
| | **--** | *Training on Setting up a Women's Help Desk* | United Church of Christ in the Philippines (UCCP) |
| **2016** | **Marso 11** | GSO | Radiology Technologists |
| | **Agosto 8-9** | *Training in the Preparation of* GADPB | Opisyal ng Brgy. Northbay Boulevard, Navotas City |
| | **Disyembre 6** | GSO | Estudyante ng AU |
| | **Disyembre 13** | *Gender-fair Language* | 300 kawani ng Philippine Crop Insurance Commission |
| | **Marso 1** | GSO | 61 estudyante ng PNU |
| | **Abril 6** | Presentasyon ukol sa *Gender-Based Violence* | Bagong Silang, Quezon City |
| | **Abril 7** | Malay-sa-Kasariang Paglilingkod sa Bayan: *Municipal Employees Seminar* | Tanza, Cavite Municipal Office |
| | **Mayo 4-5** | GST | 30 kawani ng PRC |
| | **Hulyo 21-22** | GSO | 150 kawani ng Office of the Mayor - Quezon City |
| | **Agosto 14** | GSO | UP Pampanga Extension Program |
| | **Setyembre 20** | GSO | 50 Senior High estudyante ng AU |
| | **Setyembre 23** | GSO | 32 kababaihan at kalalakihan sa komunidad ng Pook Palaris, Brgy. UP Campus |

Taong 2013, naganap ang Teatro Kababaihan sa pakikipag-ugnayan sa OCR (DGO GAD 2013). Layunin ng Teatro Kababaihan na matipon ang mga kananayan at kababaihan sa lokal na komunidad

ng UP Kampus at maging kaisa sila sa pagmumulat at pagsusulong ng karapatan ng kababaihan at ibang kasarian. Ito ang unang pagkakataon na nakapagpa-*workshop* ang DGO sa mga barangay sa paligid ng Kampus. Nakipagtulungan ang DGO sa ilang mag-aaral na organisasyong panteatro, pati na rin sa organisasyon ng mga kababaihan at sa mismonig lokal na pamunuan.

Ipinagpapatuloy ng Opisina ang responsibilidad nitong ibahagi ang mga mahusay na serbisyo, gawain, at mga pag-aaral hinggil sa *gender mainstreaming* sa pamamagitan ng *extension program* na "DGO SA KOMYU" sa pakikipagtulungan sa Office of Extension Coordination (OEC) ng OVCRD. Nagsimula ang "DGO sa Komyu" noong Nobyembre 2017 na mayroong tatlong ispesipikong layunin: 1) pagmumulat hinggil sa mga batayang konsepto at usaping pangkasarian, 2) pagpapalakas ng kababaihan at iba pang kasarian, at 3) paglilinang ng malay-sa-kasariang pamumuno bilang mabisang pamamaraan ng pamamahalang nagsasaalang-alang at bumubuo ng mga proyektong tumutugon sa mga isyung pangkasarian sa mga organisasyon at sa Brgy. UP. Campus. Naganap ang mga pagsasanay tungkol sa *Gender Sensitivity, VAWC*, Peministang Pagsangguni, Batas at Kasarian, Maagang Pagbubuntis at *RH, SOGIE, Solo Parents* at *PWD orientation*. Naisagawa rin ang Tanghal Talakay (*Playback Theater*) tangan ang tema ng Buwan ng Kababaihan ngayong taon na, "UP Laban sa Opresyon at Diskriminasyon," at ginanap din ang *Work-Life Balance* sa Brgy. UP Campus. Nakatuwang ng Opisina ang aktibong kasapian ng FCHC ng Brgy. UP Campus mula konsultasyon hanggang sa pagpapatuloy ng proyektong ito hanggang Hulyo 2018.

**Larawan 12.1: Mga Aktibidad ng "DGO sa Komyu"**



**Larawan 12.2: Mga Aktibidad ng "DGO sa Komyu"**




Pagkatapos ng 15 taon na paglilingkod, institusyonalisado na ang DGO sa UP Diliman bilang pangunahing opisinang tagapagpadaloy ng mga isyu at gawaing pangkasarian sa Kampus. Marami na itong naisagawa sa mga larangan ng peministang pagsangguni, edukasyon at pagsasanay, pananaliksik at publikasyon, pag-organisa ng GAD Committee, adbokasiyang pangkasarian, pagtataguyod ng mga kampanya't pagsasagawa ng serbisyong pampubliko.

Malayo na ang pag-unlad ng UP Diliman maging sa larangan ng pagbabalangkas ng mga patakaran at programa, ng komposisyon ng *staff* ng Opisina, sistema ng paggawa at pagbibigay ng suporta sa mga proyektong pangkasarian at pagsusustina sa imprastrukturang pang-GAD sa UP. Bagaman marami nang napagtagumpayan, malaki pa rin ang hamon na kailangang tugunan ng DGO para lubusan nitong maisagawa ang kanyang tungkuling *gender mainstreaming* sa UP.

## MGA HAMON AT REKOMENDASYON SA UP DGO

### 1. Sa larangan ng *crisis counseling*

Isa sa nakikitang kagyat na pangangailangan ang pagkakaroon ng dagliang matutuluyan o *emergency shelter* para sa mga kababaihang estudyante na nakararanas ng karahasan sa loob ng tahanan. Agarang ligtas na espasyo, at pagkakataong makapagmuni-muni sa kaniyang sitwasyon ang maitutulong ng *emergency shelter*.

Malaki rin ang pangangailangang makapagpaunlad ng *peministang crisis/guidance counselor* na makapagtitiyak ng perspektibang progresibo, makababae, mapagpalaya, at mahigpit na tumatangan sa hustisyang pangkasarian. Kakaunti pa ang mga ganitong tipo ng *guidance counselor* at mahalaga ito para maiwasan ang mga payong tradisyunal o nagtataguyod ng konserbatismo at hindi matuwid na palagay sa kababaihan, mga bahid ng patriyarkal na pamamaraan lalo na sa mga kaso ng karahasan at pang-aabuso.

### 2. Edukasyon at pagsasanay

Pinakamaunlad na ang gawaing edukasyon at pagsasanay ng DGO sa hanay ng mga estudyante bunga na rin ng pagkakaroon ng mga sapat na palisiya at malusog na pakikipag-ugnayan sa mga opisina at fakulti. Papataas na rin ang bilang ng mga naisasagawang GST sa hanay ng REPS at kawani samantalang mapapansin naman ang mas mababang bilang ng pagsasanay sa hanay ng mga administrador, at mga fakulti. Para angkupan ito, isinasagawa ng DGO ang *whole-unit approach*, kung saan kasama nang kumukuha ng GST ang mga administrador, REPS at kawani ng bawat opisina. Ang malaking hamon ay nasa larangan ng kaguruan.

Nakikita ng DGO ang sumusunod na pangangailangan:

- Palakasin ang gawaing *seminar* at pagsasanay sa mga administrador, fakulti, kawani at iba pang sektor sa UP Diliman.
- Makagawa ng palisiyang nagtutulak na makakuha ng GST ang mga fakulti, REPS kawani at mga administrador.

- Mabigyan ng GSO ang lahat ng estudyante ng UP Diliman.
- Paunlarin ang dokumentasyon sa mga *seminar* at pagsasanay.
- Magsagawa ng pananaliksik upang malaman ang epekto ng GST sa mga indibidwal at opisinang nakakuha nito.
- Paunlarin at ilimbag ang modyul sa GST, VAWC, SOGIE at *Masculinity Studies*.
- Maisulat at mailimbag ang modyul sa GST, SOGIE at VAWC.
- Mapalawak ang *trainer's pool* para sa GST at SOGIE.
- Mapalakas ang gawaing pananaliksik sa pamamagitan ng produksyon ng ITA at masustina ang Diliman Gender Review (DGR).

**3. Pag-oorganisa ng GAD Committee ng UP Diliman**

Mahigit 90 kinatawan ng mga GAD Committee ang dumalo sa huling Gender Summit noong Disyembre 2017. Kinakailangan ngayong mapatatag ang GAD Committee ng UP Diliman. Una, kailangang iwasan ang mabilis na *turn over* sa mga miyembro ng GAD *committee*. Mahusay kung may takdang termino ang mga miyembro ng GAD Committee para masubaybayan ang pagpapatuloy ng mga gawain at proyekto. Kailangan silang bigyan ng sapat na insentibo para mapasigla at masustini ang pagpapaunlad ng mga gawaing pangkasarian sa bawat kolehiyo at yunit.

Kailangang tiyakin ang pagtatalaga ng miyembro ng GAD Committee sa mahaba-habang panahon. Kadalasan, iba-ibang miyembro ang pinapadalo ng mga opisina at mabilis ang pagpapalit ng miyembro ng GAD. Nananatiling nakabatay lamang sa *availability* ng mga tao ang pagpapadalo sa mga aktibidad ng GAD. Isa sa mga nakikitang dahilan ay walang naibibigay na sapat na insentibo sa mga aktibong miyembrong nagpapatakbo ng GAD Committee. Kailangang kilalanin na ang paggampan sa gawain ng GAD Committee ay bahagi ng upisyal na gawain ng bawat kolehiyo/yunit. Maaaring pag-aralan ang iba't ibang anyo ng rekognisyon tulad ng pagbibigay ng *load credit*, puntos sa *ranking system* o karagdagang *honorarium* para magkaroon ng katumbas na pagpapahalaga sa tungkuling kanilang pinunan.

**4. Regular na submisyon ng GAD Plan and Budget at Accomplishment Report ng bawat kolehiyo/yunit**

- Kailangang maging bahagi ng bawat kolehiyo/yunit ang taunang pagbabalangkas ng GAD PB at GAD Accomplishment Report bilang pangunahing *indicator* na buhay at sustinido ang gawaing GAD sa Kampus. Sa kasalukuyan, 2.34% pa lamang ng UP Diliman Budget ang napupunta sa gawaing GAD kumpara sa 5% ng total *budget* na iniuutos sa PCW-DBM-NEDA Joint Circular 2012-01.
- Marami-rami pang kolehiyo/yunit ang hindi bumubuo ng GADPB sa kabila ng pagkakaroon ng *memorandum* mula sa Tsanselor na nag-oobliga sa mga yunit na magpasa ng GADPB. May mga nag-aakala ring karagdagan ang 5% badyet ng GAD sa pangkalahatang badyet ng kolehiyo/yunit at tumatamlay ang pagtanggap sa *memo* sa oras na malamang walang magaganap na karagdagang 5% sa badyet dahil kukunin din ito sa dating badyet o ire-*realign* lamang ang pondo ng bawat yunit.
- Bagamat walong kolehiyo/yunit ang nagpahayag ng pangangailangan sa *child-minding center,* tatlo lamang sa pagtatapos ng 2017 ang nakapagsumite ng *budget request* para dito. May pangangailangang tutukan ng bawat kolehiyo/yunit ang pag-aanalisa ng pangangailangan ng kanilang yunit, paggawa ng *proposal* at *budget request* kasama ang proyektong *gender neutral CR* na naipahayag na pangangailangan sa huling Gender Summit.

**5. Gawang Adbokasiya**

- Kailangang palakasin ang kampanya sa *social media* laban sa karahasan sa kababaihan at kasarian. Bukod sa mga konkretong kaso ng *cyberpornography, bullying* at *blackmail* na kailangang salagin, malaganap ang seksismo, pambabastos, at objektipikasyon ng kababaihan *online.*
- Habang aktibong nagsasagawa ng iba't ibang porma ng kampanya at adbokasiya sa loob ng Kampus, mahalagang bigyan din ng pansin ang iba't ibang isyung kinahaharap ng mga mag-aaral, fakulti, kawani at REPS, maging ng mga komunidad sa palibot ng UP.

Importante ding nasasagot ang mga napapanahon at mga kagyat na isyung pangkasarian, pambayan, at nakakasabay sa mga pambansa at pandaigdigang kampanya lalo na laban sa karahasan, diskriminasyon base sa kasarian, misogyny at neo-liberal na mga patakarang nagbubunsod ng kahirapan.

**6. Aktibong pakikipag-ugnayan sa mga organisasyon sa iba't ibang antas at katangian**

- Ang gawaing pangkasarian ay pinakamahusay na maisusulong sa pakikipagtulungan sa iba't ibang kolehiyo/yunit, mga konseho at organisasyong pangmag-aaral, propesyunal, akademikong organisasyon, opisina ng gobyerno at *non-government organizations,* at mga lokal yunit ng gobyerno at *higher education institution (HEI)*. Kailangang palakasin ang pakikipag-ugnayan sa mga HEI sa rehiyunal na antas at mga pagtitipong may pambansang saklaw bilang paraan ng pagbabahagi ng kaalaman at kasanayan, at, sa kabilang banda, matuto sa karanasan ng iba. Napapanahon din ang rehiyunal (sa pandaigdigang konteksto) na pakikipag-ugnayan sa mga organisasyon/institusyong pangkasarian.

**7. Gawaing Ekstensyon o Serbisyo Publiko**

- Nananatiling makabuluhan at maaaring paramihin ang karanasan ng pagsasagawa ng proyektong tulad ng "DGO sa Komyu"—isang proyektong naglalayon na makapagtaas ng makatao at malay-sa-kasariang pamumuhay at pamumuno ng komunidad. Maaari ring itaas ang serbisyong publiko sa antas ng rehiyon bilang inaasahang ambag ng UP sa pagpapaunlad ng gawaing pangkasarian sa mga HEI.

Sa pagtatapos, ang mga programang handog sa nakalipas na 15 taon ng DGO ay mayamang karanasan ng pagsasabuhay, pagtataguyod, at pagpapalakas ng gawaing pangkababaihan at pangkasarian sa layon ng pagkakapantay-pantay at hustisyang pangkasarian. Sa prosesong ito ng pagbalik-tanaw sa kasaysayan ng opisina, mahalagang muling mabalikan ang layunin at mga naging tunguhin ng bawat programa upang sa gayon ay makilatis ang direksyon ng opisina sa mga susunod pang taon.

Tumatag at lumakas ang DGO at nakilala bilang pangunahing opisinang tagapagsagawa ng mga gawaing pangkasarian sa UP Diliman. Sa mga susunod na panahon, ang hamon ay kung paano mapananatiling makabuluhan ang mga programa nito at makatugon sa mga kagyat at pangmatagalang pangangailangan ng isang akademikong institusyon para sa sarili at sa bayan, sa larangan ng kababaihan at mga kasarian.

## SANGGUNIAN

### Mga Dokumento

Diliman Gender Office (DGO). 1999. *Counseling files.* Quezon City: University of the Philippines.

___. 1999. *Counseling Service Yearly Report*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2000. *Counseling files*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2000. *Counseling Service Yearly Report*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2001. *Counseling files*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2001. *Counseling Service Yearly Report.* Quezon City: University of the Philippines.

___. 2001. *Report of the UPDGO*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2002. *Counseling files*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2002. *Counseling Service Yearly Report.* Quezon City: University of the Philippines.

___. 2002. *Report of the UPDGO*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2002. *Training and Outreach Report*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2003. *Counseling files*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2003. *Counseling Service Yearly Report*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2003. *Report of the UPDGO.* Quezon City: University of the Philippines.

___. 2003. *UP Diliman Gender Office Annual Report*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2004. *Counseling files*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2004. *Counseling Service Yearly Report*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2004. *Report of the UPDGO*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2005. *Counseling files.* Quezon City: University of the Philippines.

___. 2005. *Counseling Service Yearly Report*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2006. *Annual GAD Plan Accomplishment Report.* Quezon City: University of the Philippines.

___. 2006. *Counseling files*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2006. *Counseling Service Yearly Report*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2006. *History of the DGO*. Quezon City: University of the Philippines. Kopyang *digital*.

___. 2007. *Counseling Service Yearly Report.* Quezon City: University of the Philippines.

___. 2008. *Concept note for radio program.* Quezon City: University of the Philippines.

___. 2008. *Counseling Service Yearly Report*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2009. *Counseling Service Yearly Report*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2012. *Counseling Service Yearly Report*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2013. *Counseling Service Yearly Report.* Quezon City: University of the Philippines.

___. 2013. *GAD Accomplishment Report.* Quezon City: University of the Philippines.

___. 2014. *Counseling Service Yearly Report*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2014. *GAD Accomplishment Repor*t. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2015. *Counseling Service Yearly Report*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2015. *GAD Accomplishment Report*. Quezon City: University of the Philippines.

___. 2016. *Counseling Service Yearly Report.* Quezon City: University of the Philippines.

___. 2017. *Counseling Service Yearly Report.* Quezon City: University of the Philippines.

___. w.t. *Consolidated Training Report 2002-2016*. Quezon City: University of the Philippines.

UPD NSTP. w.t. *UPD NSTP End-Term Report: November 2012–May 2014*. Quezon City: University of the Philippines.

**Panayam**

De Santos-Del Rosario, Rosario Bona. 2016. Panayam ng DGO Staff. University of the Philippines, Quezon City, Marso 9.

Ealdama, Yolanda G. 2016. Panayam ng DGO Staff. University of the Philippines, Quezon City, Enero 27.

Enriquez, Elizabeth. 2018. Panayam ni Ma. Stephanie Joy Andaya sa telepono. Marso 14.

Neri, Bernadette V. 2016. Panayam ng DGO Staff. University of the Philippines, Quezon City, Pebrero 17.

**Batis Elektroniko**

Det Neri. 2015. *Posts*. Inakses noong Pebrero 18, 2018. https://www.facebook.com/photo.php?fbid=10206107080504893&set=a.1163649780287.2025767.1499145745&type=3&theater.

Philippine Collegian. 2018. *One Billion Rising 2018*. Inakses noong Pebrero 18. https://www.facebook.com/pg/phkule/photos/?tab=albums.

Philippine Commission on Women. (w.t.) *Department of Budget and Management, National Economic and Development Authority & Philippine Commission on Women, Joint Circular no. 2012-01.* Inakses noong Mayo 18, 2016. http://pcw.gov.ph/publication/pcw-neda-dbm-joint-circular-no-2012-01.

University of the Philippines Diliman. 2017. *Administration.* Inakses noong Pebrero 18. https://upd.edu.ph/about/administration/.